ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

HAMON NG MGA MAG-AARAL SA BSED FILIPINO NA KABILANG SA STUDENT RESOURCE AND ASSISTANTSHIP TRAINING SCHOLARSHIP (STRAT)

Mea Julyca C. Pilapil[1], Evelyn R. Cutamora, PhD[2]

[1]*Student Researcher, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*

[2]*Research Adviser, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*

Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra19861
DOI No: 10.36713/epra19861

ABSTRAK

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay upang alamin ang mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral na kabilang sa Student Resource and Assistantship Training Scholarship (STRAT) sa kanilang pag-aaral at mga responsibilidad sa trabaho. Gumamit ang mananaliksik ng kwalitatibong disenyo na may penomenolohikal na pagdulog upang masuri at maunawaan ang mga karanasan at pananaw ng mga mag-aaral sa ilalim ng naturang programa. Ang mga respondente ng pag-aaral ay binubuo ng sampung mag-aaral mula sa kursong BSED Filipino sa Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology. Ang talatanungan ang ginamit na instrumento ng mananaliksik sa pagkalap ng mga datos. Batay sa resulta sa pamamagitan ng pangangalap ng datos, lumitaw na ang tamang pamamahala ng oras ay mahalaga upang maiwasan ang pagkabalisa at iba pang negatibong epekto na dulot ng sabay-sabay na gampanin sa pag-aaral at trabaho. Napatunayan din na ang pagpapahalaga sa mga kasanayan sa pamamahala ng oras ay may mahalagang papel sa pagpapanatili ng balanseng pagsasakatuparan ng mga gampanin ng mga nagtatrabahong mag-aaral. Kaugnay nito, inirerekomenda ng mananaliksik ang pagbuo ng mga estratehiya at programa na makatutulong sa mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pamamahala ng oras at pagharap sa mga hamon ng kanilang responsibilidad. Higit pa rito, iminungkahi rin ng mananaliksik na bigyan ang mga mag-aaral ng mas maraming pagkakataon upang mapalawak ang kanilang kaalaman at kasanayan sa pagiging responsable sa kanilang mga gampanin. Layunin nito na hindi lamang mapabuti ang kanilang propesyonal na pag-unlad kundi pati na rin ang kalidad ng kanilang edukasyon at ang kanilang tagumpay sa hinaharap.

MGA SUSING SALITA: *hamon ng mga mag-aaral na kabilang sa STRAT, malalim na pagpapahalaga sa responsibilidad, estratehiya sa pagbuo ng solusyon*

INTRODUKSYON

Ang pamamahala ng oras ay isa sa pinakamalalaking isyu na kinahaharap ng kasalukuyang mag-aaral. Sa pag-usbong ng *Student Resource and Assistantship Training Scholarship (STRAT)* sa bawat institusyon ay maraming mga mag-aaral ang naging kasapi sa programa. Hatid nito ay benepisyo subalit kapalit nito ay oras ng isang mag-aaral, may kakayahan naman ang utak ng tao na maging lubos na produktibo, ngunit iilang tao lamang ang nakaaalam kung paano ito gamitin nang wasto upang mapabuti ang produktibidad. Para sa mga mag-aaral, karaniwang nagiging sanhi ng *stress* at depresyon ang pagkakaroon ng maraming gawain. Maraming mag-aaral ang nagrereklamo na nauubusan sila ng oras kapag hinihilingan silang gawin ang isang tiyak na gawain.

Nakuha ng pamahalaan ng *USA*, ang *Fulbright Scholarship* na isa sa pinakatanyag na programang pang-internasyonal na iskolar. Mayroong maraming iskolar para sa mga internasyonal na estudyante na magagamit sa maraming mga bansa na tumutulong sa estudyanteng mahina sa pananalapi na matupad ang kanilang pangarap. Kahit na ito ay magiging isang pangarap na matupad upang mag-aral sa ibang bansa, maraming tao ang walang may kakayahang pang-pinansyal na mag-ayon dito (Booysen, 2018).

Sa Pilipinas, ang “Walang Maiiwanang Mag-aaral na Pilipino” ay isang agendang itinaguyod ng sektor ng edukasyon. Nag-udyok ito sa paglikha ng magkaibang mga inisyatiba at programa na nagbibigay pagkakataon sa mga mag-aaral na Pilipino na mag-aral. Kaya upang tiyakin ang pangmatagalang ekonomikong pag-unlad, nag-iinvest ang mga bansa sa kanilang *human capital*. Napatunayan na ang pag-iinvest sa *human capital* ay may epekto sa paglago ng produktibidad ng isang bansa. Kagaya na lamang ng mga skolar na kailangan pagtrabahuan ng estudyante kung kaya sila ay nag-aaral habang sila ay nagtatrabaho, dahilan upang madagdagan ang kanilang responsibilidad (Gruzina, 2021).

Ang pag-aaral ay nakatuon sa kwalitatibong paraan gamit ang pamamaraang pagsusuri ng penomenolohikal. Ang iskolarsip sa pag-aaral na ito ay mahalaga para sa bawat estudyante na nakakaranas ng suliraning pinansyal sa daigdig. Ngayon, ang mga estudyante ay kinakaharap ang magkaibang suliranin, tulad ng pagkabalisa sa mga proyekto, ulat, mga gawain sa grupo, at

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

iba pa. Ngunit may ilang mag-aaral na nakararanas ng mga suliranin sa pinansyal na posibleng maapektuhan ang kanilang pag-aaral. Dahil dito, itinatag ang mga programa ng iskolarsip na makatutulong sa mga mag-aaral na bawasan ang kanilang gastusin at maging matagumpay na tao sa hinaharap. Gayunpaman, ang malungkot na katotohanan ay nananatili na hindi kayang tugunan ng mga mag-aaral ang mga hindi matrikula na pangangailangan sa pinansyal, tulad ng gastusin para sa mga pagkain, transportasyon, mga proyekto sa klase at mga gawain, at iba pa. Sa kabilang banda, hindi sapat ang mga mapagkukunan ng institusyon upang maipagtanggol ang mga bagay na ito.

Sa pag-aaral na ito ay sinusuri ang kahalagahan ng tamang pagbalanse sa oras sa pagitan ng gampanin bilang isang *Student Resource and Assistantship Training Scholarship* at sa akademikong performans. Mayroong pag-aaral na ang nakagawa nito subalit ang tinitingnan lamang nila na problema ay ang kakulangang pinansyal samanatalang ito ay tinitingnan kung paano pinamamahalaan ang oras ng mga mag-aaral dahil kinakailangang pagtrabahahuan ang makukuhang benepisyo o suporta sa programa. Kung hindi tama ang pamamahala sa oras ay maaaring maging komplikado ang responsibilidad mo sa pagitan ng pagiging kasapi sa programa at sa pang-akademiko. Maaaring makaapekto rin sa personal na oras ng estudyante. Bagamat may negatibong epekto ang pagkakaroon ng iskolarship sa isang estudyante, pinaniniwalaan na ang mga gawi o kasanayan sa pamamahala ng oras na ito ay makatutulong sa mas mahusay na pamamahala ng kurikulum at pagkakamit ng mga layunin sa pag-aaral (Razali, 2018).

Pagkatapos ng pananaliksik na ito, ang layunin ng mananaliksik ay mailathala at maipamahagi ang mga natuklasan upang maabot ang mas malawak na saklaw sa larangan ng edukasyon. Ang pagpapalaganap ng pananaliksik ay magbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa ng mga guro at mag-aaral sa hamon ng mga mag-aaral na kabilang sa *Student Resource and Assistantship Training Scholarship (STRAT).* Sa pamamagitan ng mga *seminar, workshop,* at iba pang plataporma ng pagtuturo at komunikasyon, magkakaroon ng pagkakataon ang guro na pagtuonan ng pansin ang estudyante na nahaharap sa hamong ito. Ang maayos na paglilimbag at pagbabahagi ng mga resulta ng pananaliksik ay magbibigay-daan upang maging epektibo ang mga paraan o estrahiya upang maaksyunan ang hamong kinahakaharap ng mga mag-aaral na kabilang sa *STRAT* skolar.

Layunin ng Pag-aaral

Ang layunin ng penomenolohikal na pag-aaral na ito ay upang matuklasan ang mga karanasan sa hamon ng mga kabilang *sa Student Resource and Assistantship Training Scholarship* (STRAT) na kumuha ng kursong Batsilyer ng Edukasyon mayoryang *Filipino* sa *Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology*. Nais ng mananaliksik na maunawaan ang karanasan ng mga mag-aaral sa pamamahala ng balanseng oras sa pagitan ng kanilang responsibilidad bilang kasapi ng programa at sa larangan ng akademiko. Sa pamamagitan ng pakikipanayam, pagmamasid, at talakayan, layunin nitong malaman kung paano nila nalampasan ang mga hamon at makabuo ng mabisa at makabuluhang pananaliksik. Ito ay isang mahalagang hakbang sa pag-unawa sa karanasan ng mga estudyante sa nasabing programa.

Mga Katanungan sa Pananaliksik

1. Ano-ano ang mga karanasan ng *BSED Filipino* sa pagharap nila sa gampanin sa pagitan ng *STRAT* at pag-aaral?
2. Paano nalampasan ng mga mag-aaral ng *BSED Filipino* ang mga hamon bilang isang *STRAT* sa kanilang pag-aaral?
3. Ano-ano ang mga pananaw ng mga mag-aaral ng *BSED Filipino* sa kabila ng hamon bilang isang *STRAT* sa pag-aaral?

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Ang ginamit sa disenyong pananaliksik ay kuwalitatibo sa penomenolohikal na dulog sa pagsusuri. Ang kwalitatibong pag-aaral ay ang disenyo na kung saan may hangaring gumalugad ng mga impormasyon at datos. May layunin din ito upang makapagbigay ng mga pananaw at karanasan partikular sa *phenomena*. Ito rin ay nakatulong upang maunawaan ang hamon at karanasan maging ang dahilan nito (Creswell, 2013).

Ginamit ng mananaliksik ang disenyong ito kung saan naihayag nang maayos ang mga karanasan sa pagharap sa hamon at pananaw ng mga estudyante na kabilang sa sa *Student Resource and Assistantship Training Scholarship* (*STRAT*). Sa pamamagitan ng pamamaraan na ito, nakuha ng mananaliksik ang iba't ibang mga persepsyon ng mga partisipante na nasa Batsilyer ng Edukasyon mayoryang *Filipino* hinggil sa kanilang karanasan sa makabagong pamamaraan ng pagkatuto.

Dagdag pa, ang pananaliksik na ito, ginamit ang kwalitatibong pamamaraan at penomenolohikal na disenyo sa pagsusuri. Ang kwalitatibong pananaliksik ay nakatuon sa paglalarawan batay sa mga obserbasyon. Layunin nito ang pag-unawa sa mga katangian ng isang tao o grupo kaugnay ng isang panlipunang isyu. Kabilang dito ang proseso ng pagtatanong at pangangalap ng datos na isinasaalang-alang ang konteksto ng mga kalahok (Creswell, 2014).

Naaangkop ang disenyo ng pananaliksik na ito dahil layunin ng mananaliksik na maunawaan at matuklasan ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa pagharap sa kanilang mga suliranin, pati na rin ang kanilang mga pananaw at mithiin bilang bahagi ng *Student Resource and Assistantship Training Scholarship (STRAT).* Isa rin itong karaniwang metodolohiya sa pangangalap ng datos, gamit ang pakikipanayam at obserbasyon, na nagbibigay-daan sa mananaliksik na makakuha ng mahalagang impormasyon para sa pag-aaral na ito.

Gayunpaman, ang penomenolohikal na dulog ay naglalayong ilarawan kung paano hinaharap ng isang tao ang iba't ibang karanasan at kung paano siya tumutugon sa mga ito, kabilang na ang paraan ng kanyang pamamahala sa sarili (Braceros, 2016). Sa pananaliksik na ito, tinalakay ang mga karanasan ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

mga mag-aaral, kabilang ang kanilang mga pagsisikap at mga estratehiyang ginamit upang malampasan ang mga suliranin at hamon na kaakibat ng kanilang mga tungkulin bilang mga iskolar.

Sa karagdagan, nalaman ang layunin sa pagtuklas kung bakit nagkaroong kahulugan ang karanasang kanilang nararasan at paano nag-iba ang kanilang persepsyon at pananaw sa karanasang ito. Ang penomenolohiya bilang isang disiplina ay mayroong magkaibang uri ng karanasan ang partisipante kung saan batay ito sa kanilang persepsyon, pag- iisip, imahinasyon, emosyon at pagnanais, kung saan maaring tawaging *intentionality*. Ito ay pumapatnubay sa karanasan ng mga tao sa kapaligiran (Smith, 2005).

Ang mananaliksik ay gumamit ng disenyong ito upang maisakatuparan ang rekomendasyon ni Sokolowski (2000), na nagbanggit na sa phenomenology, ang mga partisipante ay kailangang sumailalim sa masusing panayam *(In-Depth Interview)* at talakayang panggrupo *(Focus Group Discussion)*. Sa pamamagitan nito, binigyan sila ng pagkakataong maibahagi ang detalyado at komprehensibong paglalarawan ng kanilang mga karanasan, kabilang ang kanilang iniisip, nararamdaman, imahe, sensasyon, alaala, at ang konteksto kung saan naganap ang kanilang mga karanasan.

Bukod dito, ang disenyo ng pananaliksik naman ang ginamit ng mananaliksik na nagkaroon ng malamin na pag-intindi sa karanasan ng mga partisipanteng nakaranas ng hamon sa pagpangasiwa ng gampanin ng mag-aaral bilang *Student Resource and Assistantship Training Scholarship* (STRAT). Ang disenyong ito ay nagbigay rin sa mananliksik ng pananaw na sa kabila ng hamong kinaharap ng mga partisipante. ito rin ang humubog sa kanilang sarili kung paano ito mapagtagumpayan.

Nakuha ang eksaktong deskripsyon ng mga pananaw at karanasang kinahaharap ng mga kalahok, ang mananaliksik ay nakapokus sa tatlong katanungan at mula diyan, ang mananaliksik ay bumuo ng gabay na tanong sa panayam batay lamang sa mga tanong sa pananaliksik na nagdidirekta ng mga kalahok tungkol sa kanilang karanasan at hamon bilang isang mag-aaral na kabilang sa *Student Resource and Assistantship Training Scholarship (STRAT).* Sa pamamagitan ng dulog na ito sa pananaliksik, naunawaan ng mananaliksik ang mga karanasan, saloobin, at damdamin ng mga partisipante kaugnay ng kanilang tunay na kalagayan sa buhay. Nakabuo rin ng positibong ugnayan sa pagitan ng mananaliksik at mga kalahok, na isang mahalagang aspeto ng pamamaraang ito (Creswell, 2013).

Tungkulin ng Mananaliksik

Tungkulin ng mananaliksik ang manguna sa pangangalap, pagtatanong, at pagkuha ng mga datos na kinakailangan sa pag-aaral. Mahalagang malinaw ang papel ng mananaliksik upang matiyak ang pagiging kapani-paniwala ng pananaliksik (Unluer, 2015). Bukod dito, ang mananaliksik mismo ay nagsisilbing pangunahing instrumento sa pagsasagawa at pagpapatupad ng isang pag-aaral.

Ayon kay Pezalla et al., ((2012), bahagi ng tungkulin ng mananaliksik ang makipag-ugnayan at makipagtulungan sa mga partisipante upang mabuo ang pag-aaral. Samantala, binigyang-diin ni Cresswell (2013) ang kahalagahan ng papel ng mananaliksik sa pagkilala sa mga sariling pagpapalagay, pagkiling, at personal na pagpapahalaga. Isa sa pinakamahalagang tungkulin ng isang mananaliksik ay ang pagsunod sa mga prinsipyo ng kwalitatibong pananaliksik, na nangangailangan ng kahandaan sa mahabang proseso ng pangangalap ng datos, pagsusuri, at pagsulat ng masusing dokumentasyon.

Bilang isang tagapanayam o mananaliksik, gagawa ng paraan upang magkaroon ng magandang relasyon, ugnayan at maayos na pakikitungo sa mga partisipante. Kinakailangan na gampanan ang tungkulin bilang isang mananaliksik na masunod ang wastong proseso sa pakikipanayam. Kinakailangan na gampanan ang pagiging isang mabuting tagapanayam, tagasalin, tagapagdaloy, tagapag-analisa, tagapagsulat, tagarekord, tagasulat sa panayam, at tagapag-analisa ng mga datos. Bilang tagapanayam, siniguro ng mananaliksik na masuri kung ang mga napiling partisipante ay angkop na mapagkuhanan ng impormasyon at ipinaabot sa kanila ang layunin at detalye ng isinagawang pag-aaral.

Kinakailangang isaalang-alang na hindi nararapat maramdaman ng mga kalahok sa pananaliksik ang anumang uri ng pamimilit sa pagbibigay ng impormasyon na hindi ayon sa kanilang kalooban at pananaw. May karapatan ang mga partisipante na tumanggi o umatras mula sa kanilang partisipasyon sa pananaliksik, kahit na nasimulan na ito. Dapat din nilang malaman kung paano nila maaaring bawiin ang kanilang naunang pahintulot, pati na rin ang mga posibleng epekto ng pagtanggi o pag-urong mula sa pag-aaral. Ang pag-urong mula sa saliksik ay hindi dapat magdulot ng anumang negatibong epekto o pinsala sa mga indibidwal.

Sa huli, ang mananaliksik ang magsisilbing pangunahing tagasuri at interpretador ng mga impormasyon, upang maunawaan ang mga pahayag mula sa mga partisipante at malinaw na maiparating sa mga mambabasa ang layunin at resulta ng kanilang pag-aaral. Ang mananaliksik ay ginabayan ng isang tagapayo o eksperto upang matiyak ang tamang pagsusuri at pagsunod sa mga alituntunin para sa isang epektibong pananaliksik.

Mga Partisipante o Kalahok sa Pananaliksik

Ang pagkakaroon ng 5 hanggang 25 partisipante sa isang kwalitatibong pag-aaral ay tumulong sa mananaliksik upang bumuo at mapanatili ang isang malapit na ugnayan, kaya't napadali ang tuwiran at bukas na palitan ng impormasyon. Nakatulong din ito upang maiwasan ang mga potensyal na *bias* at mapanatili ang bisa ng pananaliksik. Dahil dito, ang mananaliksik ay pumili ng tamang bilang na 10 partisipante, na hahatiin sa dalawang grupo: 5 para sa pinalalim na panayam (*In-*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Depth Interview) at 5 para sa pangkatang talakayan (*Focus-Group Discussion*), upang mas mapabuti ang proseso ng pakikipanayam. Ayon kay Creswell at Creswell (2018), ang 10 hanggang 50 kalahok ay sapat na, depende sa uri ng pananaliksik at mga tanong na isinasaalang-alang.

Ang mga sumusunod na krayterya ay isinasaalang-alang sa pagpili ng mga partisipante: a) mga mag-aaral na kabilang sa *Student Resource and Assistantship Training Scholarship sa Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology,* at b) mga mag-aaral mula sa kursong Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon na may *major* na Filipino sa KCAST. Ang bilang ng mga kalahok sa pag-aaral ay nakuha gamit ang purposive sampling, na nagresulta sa 10 partisipante, 5 para sa pinalalim na panayam at 5 para sa pangkatang talakayan.

Ayon kay Creswell (2013), ang *purposive sampling* ay ginagamit upang pumili ng mga partisipante na may tiyak na karanasan na nauugnay sa isang partikular na pag-aaral. Sa pananaliksik na ito, ginamit ng mananaliksik ang *purposive sampling* bilang metodolohiya. Ang *purposive sampling* ay isang karaniwang kasangkapan sa pagpili ng mga partisipante sa kwalitatibong pag-aaral. Gayunpaman, hindi sapat ang paggamit ng pamamaraang ito upang lubos na maipaliwanag ang buong pag-aaral sa nakararami. Pinili ng mananaliksik ang purposive sampling dahil sa mga katangian nito, at siya ang nagtakda kung sino ang dapat na maging kalahok, batay sa pangangailangan ng mga impormasyong, kaalaman, at karanasan na kinakailangan para sa pag-aaral (Sheppard, 2006).

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng isang kwalitatibong disenyo. Ang kwalitatibong pananaliksik ay ginagamit upang mangalap at suriin ang mga datos na hindi naka-numerikal. Sa pamamaraang ito, ang mananaliksik ay nakakakuha ng mas malalim na pag-unawa sa mga konsepto, opinyon, at karanasan ng mga kalahok. Ginamit ang disenyo upang masuri ang mga karanasang pansikolohiya at mga pananaw ng mga kalahok (Bhandari, 2020). Bukod dito, ang kwalitatibong pag-aaral ay maaaring gumamit ng iba't ibang mga metodolohiya sa sampling. Ang *purposive sampling* ay ginamit para tukuyin ang sampung mag-aaral na mayroong karanasan na kabilang sa *Sudent Resource and Assistantship Training Scholaship (STRAT)* na sumang-ayon upang maging partisipante sa pag-aaral na ito. Ang mananaliksik ay ginamit ang *purposive sampling technique* kung saan ang napili na partisipante ay kailangang sumagot sa mga katanungan ng pananaliksik. Ito ay malawak na ginamit at popular sa kwalitatibong pananaliksik para sa pagkakakilanlan at pagpili ng impormasyon na may kaugnayan sa interes ng penomena (Palinkas, 2015).

Pangangalap ng mga Datos

Ang mananaliksik mismo ang nangalap ng mga impormasyon, kaya nakuha niya ang mas malalim na pag-unawa sa saklaw at mga posibilidad ng pag-aaral upang matiyak ang kalidad ng mga naipresentang datos. Sa pangangalap ng mga datos, ginamit ang iba-ibang pamamaraan tulad ng pakikipanayam, pagmamasid, at pagdodokumento (Creswell, 2007).

Sa kwalitatibong pananaliksik, hindi kailangang makakuha ng mga datos galing sa lahat ng tao sa komunidad. Ang kailangan lamang ay pumili ng isang muwestra mula sa populasyon na nauugnay sa isinagawang pag-aaral. Ang mga partisipante ay pinili batay sa mga krayterya na naaayon sa partikular na katanungan ng pananaliksik (Creswell, 2013).

Ang pangunahing ginamit na hakbang na isinaalang-alang ng mananaliksik ay ang balidasyon na ginamitan ng talatanungan. Pagkatapos mabuo ang talatanungang ginamit, isinumite ito sa panel ng mga eksperto upang masuri ang katiyakan ng isinagawang pananaliksik. Nasunod naman ng mananaliksik ang payo ng mga experto sa pagrerebisa hanggang sa ito ay naaprubahang gamitin. Pagkatapos ng balidasyon ay nagpadala ng liham-pahintulot sa *College President ng KCAST* na si Rodrigo C. Licayan, *DBA*, upang ipagbigay-alam na sinimulan na ang pananaliksik na ito. Ang mananaliksik ay naghintay ng pag-apruba ng *authorization letter* na kaniyang ipinadala at sertipikasyon mula sa *KCAST*. Nakompleto na ang *form* ng pahintulot kaya ipinadala ito ng mananaliksik sa mga piling partisipante. Ang positibong tugon ng mga partisipante sa *inform consent* ay nagpapahiwatig ng kanilang pagpayag bilang kalahok sa pananaliksik na ito.

Sa pangalawang hakbang sa pangangalap ng datos ng pananaliksik ay nakolekta gamit ang isang orihinal na palatanungan na nilikha para sa layunin ng pananaliksik na ito. Ang mga anyong ito ay naglalaman ng kondisyon na tumutukoy sa kusang paglahok ng mga partisipante at handa silang ibigay ang kanilang iba't ibang karanasan at pananaw batay sa Hamon ng mga mag-aaral ng *BSED Filipino* na kabilang sa *Student Resource and Assistantship Scholarship* (*STRAT*). Ito ay kinakailangan sa tagumpay ng pag-aaral na ito upang ang mga partisipante ay bigyan ng oryentasyon tungkol sa pag-aaral. Ang oryentasyon ay nagsimula sa isang pambungad na yugto, kung saan inilahad ang layunin ng pakikipanayam. Nakuha ang datos mula sa 10 na mag-aaral na nagmula sa Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon medyor sa Filipino ng *Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology.*

Isinagawa ng mananaliksik ang mga gabay na katanungan sa pakikipanayam na ginamit sa pagkuha ng mga datos para sa pananaliksik na ito. Ang mga tanong ay dumaan sa internal at eksternal na balidasyon ng mga eksperto sa kwalitatibong pananaliksik. Ang mga nakolektang datos ay nagmula sa mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon na may *major* na Filipino, bilang mga kalahok sa pag-aaral. Bago nagsimula ang pakikipanayam, nagbigay ang mananaliksik ng maikling oryentasyon sa mga napiling partisipante at tiniyak ang pagiging kompidensyal ng mga datos na makakalap. Sa pakikipanayam, naipahayag ng mga partisipante ang kanilang mga sagot na naaayon sa mga tanong, at siniguro ng mananaliksik na tama ang paglilipat ng mga kasagutan batay sa mga karanasang ibinahagi ng mga kalahok.

Ang mga konsepto, pamamaraan, at kagamitan sa pangangalap ng datos at mga metodolohiya ay maaaring mapabuti at maayos habang nagpapatuloy ang pananaliksik (Yin, 2010). Ang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

kwalitatibong pamamaraan sa pag-aaral ay isang koleksyon ng mga teknik na nag-aalok ng interpretasyon sa pamamagitan ng pagbasa, paglalarawan, pagsasalin, at pagbibigay ng likas na pagpapakahulugan (Khan, 2020). Ang pangangalap ng datos ay isang mahalagang bahagi ng pananaliksik na tumutok sa bawat aspeto ng pag-aaral. Ang proseso ng pagtitipon at pagsusuri ng impormasyon ay nagbigay daan sa mga mananaliksik upang masagot ang mga katanungan sa pag-aaral, alinsunod sa gabay ng pakikipanayam, at masusing na-*survey* ang mga resulta ng pananaliksik (Mouton, 2001).

Ang ginawang hakbang sa pagkalap at paglikom ng mga kasagutan sa mga inilaang katanungan sinisiguro muna ng mananaliksik, ang oryentasyon patungkol sa proseso ng pag-aaral at ibinigay ang *informed consent* sa mga partisipante ng pananaliksik. Sila ay may karapatang umayaw at hindi magpatuloy na makibahagi sa pag-aaral at sila ay hindi pipilitin. Sa pagkalap at paglikom ng mga kasagutan, ginamit ang pinalalim na panayam at pangkatang talakayan.

Sa pagsagawa ng pinalalim na panayam, ang pamaraan na ginamit ng mananaliksik ay ang *Face-to-face* na diskusyon. Sila ay isa-isang tinanong habang naka-rekord at itinala nang maigi ang mga kasagutan ng partisipante. Samantalang sa pangkatang talakayan naman, katulad din sa pinalalim na panayam kung saan nagkaroon ng talakayan sa pamamagitan din ng *Face-to-face* na diskusyon, mayroon itong 5 na partisipante at 5 naman sa pinalalim na panayam bilang kalahok sa isinagawang pananaliksik.
Sa proseso ng pinalalim na panayam at pangkatang talakayan, ginamit ang isang gabay sa pakikipanayam na naaprubahan ng mga dalubhasa upang makuha ang mga kinakailangang datos mula sa mga sagot ng mga kalahok. Isinaalang-alang din ang paggamit ng *audio recording* bilang kagamitan upang matiyak na maayos at tumpak na mairekord ang mga datos.

Matapos ang pinalalim na panayam at pangkatang talakayan, at makuha ang mga sagot mula sa mga partisipante, agad isinagawa ang *verbatim transcription* ng kanilang mga kasagutan. Humingi ng tulong ang mananaliksik mula sa tagapayo at mga eksperto upang mapagbuti at maiwasto ang mga tema sa kinalabasan ng pananaliksik.

isinagawa upang bigyang-diin ang mga kontribusyon at resulta ng bawat artikulo, na nagsasangkot ng malalim na pagsusuri ng impormasyong ipinakita sa mga salita (Wong, 2008).

Samakatuwid, ang mga panayam ay isinagawa kasama ang mga pangunahing eksperto sa sektor, dahil ang pangunahing mga

Pagsusuri ng mga Datos

Sa pananaliksik, ang mga nakalap na datos ay malinaw na ipapahayag at susuriin nang maingat batay sa layunin at pangangailangan ng pag-aaral. Ang pagsusuri ng mga tugon ng mga partisipante ay magsisilbing batayan upang mabuo ang mga resulta. Ang layunin ng pagsusuri ng datos ay matukoy ang mga karaniwang ideya na makatutulong sa pagsagot sa mga katanungan ng pananaliksik. Sa bahagi ng pananaliksik, may mga hakbang at pamamaraan sa pagsusuri ng datos, kabilang na ang *data coding at thematic analysis*, na ginamit ng mananaliksik sa pagsusuri ng datos sa pag-aaral na ito (Khan, 2020).

Karagdagan pa, ang *data coding* sa kwalitatibong pag-aaral ay tumutukoy sa pagtatala ng mga kategorya at *codes* sa magkaibang bahagi ng teksto na may kaugnayan sa isyu ng pag-aaral (Khan, 2020). Ang *coding* ay ginawa upang paikliin ang mga datos sa pamamagitan ng pag-uuri ng mga impormasyong nakalap, na matagumpay na naisagawa gamit ang isang maayos na balangkas (Khan, 2020).

Matapos makuha ng mananaliksik ang mga datos mula sa panayam, inayos niya ang mga impormasyong nakuha sa isang organisadong paraan at malinaw na nakilala ang mga sagot. Sinuri ng mananaliksik ang mga pagkakapareho at pagkakaiba sa mga sagot ng mga partisipante. Dahil dito, nakabuo ang mananaliksik ng iba't ibang tema mula sa bawat katanungan, na nakuha mula sa mga sagot ng mga partisipante at tumugma sa layunin ng pananaliksik.

Kasunod nito, isinagawa ng mananaliksik ang tematikong pamamaraan ng pagsusuri, na ginagamit upang mag-interpret at mag-organisa ng mga tema (Akinyode, 2018). Ang *Thematic Analysis* ay ginamit upang ayusin ang mga kategorya at ipakita ang mga tema na kaugnay ng mga datos. Inilarawan nito ang mga datos nang detalyado at nakipag-ugnayan sa iba't ibang paksa sa pamamagitan ng interpretasyon (Boyatzis, 1998).

Ang pagsusuri ng datos ay nangangailangan ng pagbabasa ng mga transcript upang matukoy ang mga pagkakapareho o pagkakaiba, at mula rito, hinanap ang mga tema at nabuo ang mga kategorya. Karagdagan pa, ang tematikong pagsusuri ay

mapagkukunan ng datos ay ang kanilang mga pananaw, karanasan, diskarte, at paniniwala (Patton, 2002). Ang estratehiya sa pagsampol ay nakatuon sa pagpili ng mga mayamang impormasyon mula sa populasyon, at ang pagsampol ay ginawa upang matukoy ang mga dalubhasang tinukoy ng mga partisipante (Flyvbjerg, 2006).

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

MGA RESULTA

Pangunaging Katanungan sa Pananaliksik: 1. Ano-ano ang mga karanasan ng BSED Filipino sa pagharap nila sa gampanin sa pagitan ng STRAT at pag-aaral?

Talahanayan 1
Tema at mga Idea sa mga Karanasang hamon ng mga mag-aaral sa BSED Filipino na kabilang sa *Student Resource and Assistantship Training Scholarship (STRAT)*

Mga Pangunahing Tema	Mga Sumusuportang Pahayag
Kakulangan sa Pamamahala ng Oras	• *"Ang mga hamon na akong naranasan ko bilang Isang mag-aaral na kabilang sa STRAT Scholarship ay yung papaano mag manage ng Oras halimbawa 3weeks na magpapractice para sa Isang sub makokonsensya ako dahil 3weeks din ako Hindi magagawa Ang akong tungkulin." -(IDI_01)* • *"Mailalarawan ko ang aking karanasan bilang isang mag-aaral na kabilang sa STRAT scholarship sa isang mahirap na dahil sitwasyon minsan nahihirapan akong pagsabayan ang aking tungkulin bilang mag-aaral na kabilang sa STRAT ang ang pagiging isang mag-aaral na maraming gawain sa paaralan."- (IDI_02)* • *"So far ang malaking hamon talaga sa akin ay ang pag manage sa oras dahil ako ay isang 3rd yr college na marami na talaga ang aking responsibilidad dahil na rin sa thesis."- (FGD_01)* • *"Isa sa mga hamon na naranasan ko ay ang pag- mamanage sa time kay kailangan within 1-week maka duty ka og 12 hours tapos sabayan pa sa mga academic works." - (FGD_02)*
Pagkakaroon ng Labis na mga Gawain	• *"Ang mga hamon nga akong giatubang bilang isang strat student no kay ma pressure ko ky tambak- tambak na ang akong trabaho labaw na kay naay usahay na daghan pud activity na apson or ipasahay. Lisod jud na ipagsabay but isa ra sad ni sa way para wa nakoy bayadan sa school."- (IDI_04)* • *"Ang hamon na naranasan ko sa pagiging STRAT Scholar is there are times na ma pressure ko ky dile koka apil sa mga practice or activities sa school kay mo duty kosa STRAT, kumabaga makuhaan lang akong time sa academics, kay 12 hrs per week man." - (FGD_03)* • *"Una sa mga hamon na aking naranasan bilang kabilang sa STRAT scholarship ay kung paano ko hahatiin ang aking oras sa dami ng aking mga aktibidad at mga gawain at minsan ay hindi na ako nakakapag pahinga dahil sa sunod-sunod na gawain." - (FGD_04)*
Pagkabalisa sa Tambak na Responsibilidad	• *"Ang masasabi ko sa aking mga naranasan bilang mag-aaral na kabilang sa STRAT Scholarship, minsan po ay nai-stress ako kasi nalilito ako kung ano ang uunahin dahil minsan rin ay nagkakasabay ang aking mga responsibilidad." - (IDI-01)* • *"Tungod ana naglisod ko ug handle sa mga responsibilities and that's why ma stress ko usahay."- (IDI_03)* • *"PagkabalisaPagkabalisa sa Tambak na Responsibilidad Napakahirap kaya nababalisa ako minsan dahil marami kang gagawin subalit kailangan mong pumasok sa strat dahil kapag hindi ay mawawala ito sayo." - (FGD_03)*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Pangunaging Katanungan sa Pananaliksik: 2. Paano nalampasan ng mga mag-aaral ng BSED Filipino ang mga hamon bilang isang STRAT sa kanilang pag-aaral?

Talahanayan 2
Tema at mga Idea kung Paano Nalampasan ng mga Mag-aaral ng BSED Filipino ang mga hamon bilang isang STRAT sa kanilang pag-aaral.

Mga Pangunahing Tema	Mga Sumusuportang Pahayag
Tamang Pamamahala sa Oras	• *"Pagbalanse sa academic at trabaho. mahalaga na magkaroon ka ng maayos na komunikasyon sa mga guro at mga kasamahan mo sa trabaho. Ipaliwanag sa kanila ang sitwasyon at gawin ang makakaya upang ma-organize ang iyong oras Hindi mag-attempt na i-sacrifice ang kalidad pag-aaral para sa trabaho." - (IDI_01)* • *"Itinakda ko ang maayos na oras para sa pag-aaral, trabaho, at iba pang gawain upang matiyak na nabibigyan ko ng sapat na pansin ang bawat isa nang hindi nahihirapan." - (IDI_02)* • *"So far ang malaking hamon talaga sa akin ay ang pag manage sa oras dahil ako ay isang 3rd yr college na marami na talaga ang aking responsibilidad dahil na rin sa thesis." - (FG_01)* • *"Isa sa mga hamon na naranasan kay ang pag- mamanage sa time kay kailangan within 1-week maka duty ka og 12 hours tapos sabayan pa sa mga academic works." -(FGD_02)*
Pagplano at Pag-organisa sa mga Gampanin	• *"Huwag matakot humarap sa mga hamon at maging handa na harapin ang mga ito sa pamamagitan ng tamang pag-organisa at pagpaplano ng iyong mga gawain." - (IDI_01)* • *"Paglikha ng isang malinaw na plano, pagiging organisado sa mga gawain." - (IDI_02)* • *"Akong estratehiya o ways na ginagamit as a strat scholar kay usahay man gud naa mga practice na mahitabo or naay mga activities na ipasahay kay mananghid ra gud mi sa among head ahead of time tapos mosabot ra gyud na sila pero dpaat maningkamot ka ma taplan nimo ang mga oras na wala nimo na dutyhan." - (IDI_04)* • *"If dile nako ma achieve ang target hours this week, is taplan nako akong kulang na hours next week nasad. Ana ra akong ginabuhat." - (FGD-03)*
Positibong Pag-iisip	• *"Mag iisip ako ng positibo gagawin ang mga dapat na gawin upang malutas hindi ako mag desisyon agad na hindi ko iniisip." - (IDI_01)* • *"Akong mga solusyon ra jud kay ga hunahuna ra gyud ko ug mga positive ay...like kani akong gi agian kay parte ra gyud ni sa life na kailangan nimo ma labanan para sa imong kaugmaon." - (IDI_04)* • *"Ang maging positibo na makakaya ko ang lahat at darating din ang araw na ang lahat ng aking mahirap na naranasan ay masusuklian din ng success." - (FGD_01)* • *"Sa pamamagitan ng pagiging positibo kaya naging matatag ang loob upang makapagpatuloy." - (FGD_03)*
Pagkakaroon ng Motibasyon	• *"Akong unang ginahimo is kanang ginahimo nako nis siya as self-motivation nga magpadayon ug skwela kay naa nay opportunity nga gihatag sa ako bisag busy kaayo akay syempre sa akong ginaingon nga kani nga scholar is kailangan siya pagtrabahuan like dutyhan nimog 12hrs unlike sa other scholar nga grades lang ang atimanon." - (IDI_03)* • *"By facing the challenges lang jud ug gina motivate nako ang akong kaugalingon nga laban ra gyud kay masuklian ra ang imonh mga kakapoy ug kalisod na imong gibati." - (IDI_04)* • *"Hinarap ko ito ng may lakas ng loob at pag momotivate sa aking sarili dahil may pangarap ako kailangan ko talagang magpatuloy." - (FGD_01)* • *"Nakumbinsi ko ang aking sarili sa pamamagitan ng aking motibasyon, iniisip ko na lang na itoy para sa akin at para pod makasave ug aron mabawasang ug hunahuanon ang akong mga ginikanan ug Aron maka tabang pod ko sa ilaha." - (FGD_02)*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Pagkakaroon ng Determinasyon na Magpatuloy	• *"Bilang isang mag-aaral na kabilang sa STRAT scholarship, hinarap ko ang mga problemang aking naranasan sa pamamagitan ng pagiging determinado at may determinasyon na malampasan ang mga ito. Sa bawat hamon, nagtuon ako sa paghanap ng solusyon at pagtitiyaga sa aking mga layunin." - (IDI_02)* • *"Ang maging determinado upang makapagpatuloy. Kahit na pagod, kahit na wala sa mood, kahit na ayaw mo na, kailangang magpatuloy." - (IDI_05)* • *"Nararapat na determinado ka sa pagsali at alam mo kung paano mo gagampanan ang pagiging isang strat upang maisapuso natin ang ating ginagawa at na e-enjoy mga ginagawa natin habang tayo ay nag tratrabaho." - (FGD_04)* • *"Determinasyon lang dahil ito lamang ang aking kailangan upang maharap ko ang mga hamon." -(FGD_05)*

Pangunaging Katanungan sa Pananaliksik: 3. Ano-ano ang mga pananaw ng mga mag-aaral ng BSED Filipino sa kabila ng hamon bilang isang STRAT sa pag-aaral?

Talahanayan 3
Tema at mga Idea sa mga Pananaw ng mga Mag-aaral ng BSED Filipino sa kabila ng hamon bilang isang STRAT sa pag-aaral.

Mga Pangunahing Tema	Mga Sumusuportang Pahayag
Responsableng Pagganap sa mga Gampanin	• *"Bilang isang STRAT mahalaga na maging responsible, kailangan mong magtrabaho nang maayos sa ilalim ng presyon at magkaroon ng kakayahan sa multitasking habang nag-aaral. Huwag kalimutang mag-enjoy sa iyong trabaho at maging handa sa mga bagong pagkatuto at oportunidad sa iyong pag-aaral." - (IDI_01)* • *"Mahimo lang jud tang responsible sa pag manage sa tanan buluhaton kay kabalu ko nga sa mga tunga2 gud sa atung pag duty is dre nata maka feel ug kapoy, dre nag mag bangga ang atung lain laing schedule parehas sa naay practice, naay laing atimanon but kaya ra gud kaayo na ug gusto mo absent unahon gud ang ang pagpananghid sa head aron naay mopuli sa imomg gi dutyhan, so kay gisyldan naman natu ni kaya ragud ni ug makagawas ta dre nga wanay huna hunaon nga bayrunon sa skwelhan." - (IDI_03)* • *"Dile jud lalim mag working student, as a working student no dile jud lalim mag manage sa time saimong academics og work, maong dapat responsible enough ka na ma-balance ky ma apektuhan man jud imong pag skwela." - (FGD_03)* • *"Ang mapapayo ko lang sakanila ay huwag kayong mahirapan dahil para din naman sainyo iyan at may matututuhan rin kayo habang kayo ay nag aaral at nag sastrat. Isa na rito ang maging responsible sa pamamahala ng mga gawain." - (FGD_04)*
Pagpupunyaging Magtagumpay sa Pag-aaral Habang Nagtatrabaho	• *"Napagtanto kong gaano man kahirap ang sitwasyon mabibigyan mo ito ng solusyon basta't maging masipag at matiyiga kalang." - (IDI_02)* • *"Kailangan masipag at matiyiga ka kung paano mo iha-handle ang time mo, paano mo pagsasabayin ang pag-aaral at pagta-trabaho. Ngunit higit sa lahat, i-enjoy lang. Dahil experience rin naman eh. Minsan lang nangyayari." - (IDI_05)* • *"Laban lang para sa pangarap, lahat ng ating sakripisyo at pagpupursige ay may kapalit na success." - (FGD_01)* • *"Ang aking napagtanto ay kailangan nating mag sikap dahil hindi madali ang nag aaral ka at kabilang ka sa strat dahil, minsan mahirap at kadalasan ay masaya dahil marami kang magiging bagong kaibigan dahil sila ang nakakasabay mo at nakakasalamuha sa araw-araw. Piliin mong maging maging masaya sa ginagawa mo, sipag at tiya lang para di ka mahirapan." - (FGD_09)*
Katatagan ng Loob ay Laging Taglayin	• *"Maging matatag at huwag pabayaan ang sarili, magpahinga, kumain ng maayos, at mag-ehersisyo. Ang pagiging student assistant ay hindi dapat maging sanhi ng stress o pagod." - (IDI_01)* • *"Kinakailangan na tatagan palagi ang loob na magsikap at manatiling nakatuon sa inyong pangarap para sa kinabukasan at pamilya." - (IDI_02)* • *"Be brave, maging matatag tayo sa lahat ng bagay, huwag panghinaan ng loob, kung mabigat ang kalooban, iiyak mo lang ito tapos pag okay na, laban na ulit." - (FGD_01)*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

	• *"Ang rekomendasyon ko lang tungkol sa pagiging STRAT, ay tatagan ang loob upang magpatuloy at kayanin niyong e handle ang inyong oras, dahil marami kayong karanasan na mararanasan na magamit nato in the future." (FGD_03)* • *"Kakayanin ang lahat ng duty na gagawin kahit kapos na sa oras lalo na at maraming mga aktibidad ang paaralan pero lagi paring tatandaan na I priority ang ating pag aaral." - (FGD_05)*

Buod ng Kabanata

Mula sa mga resulta ng pag-aaral at batay sa mga tugon ng mga kalahok sa pinalalim na panayam at pangkatang talakayan, natukoy ang sumusunod:

Una, ang mga resulta ay naglalaman ng iba't ibang karanasan ng mga mag- aaral ng *BSED Filipino* na kabilang sa *Student Resource and Assistantship Training Scholarship (STRAT)*. Tatlo na tema ang lumitaw sa pagsusuring ginawa ng mananaliksik at ang mga ito ay; kakulangan sa pamamahala ng oras, pagkakaroon ng labis na mga gawain, at pagkabalisa sa tambak na resonsibilidad.

Pangalawa, nagbahagi ng samu't saring saloobin ang mga partisipante kung paano nila nalampasan ang pagbalanse ng oras sa pag-aaral at trabaho. Malalimang sinuri ng mananaliksik ang kanilang mga tugon at lima na tema ang lumitaw; tamang pamamahala sa oras, pagplano at pag-organisa sa mga gampanin, positibong Pag-iisip, pagkakaroon ng motibasyon at pagkakaroon ng determinasyon na magpatuloy.

Pangatlo, ang mga partisipante ay naglahad ng iba-ibang rekomendasyon at suhestiyon. Ang mga pananaw ng mga mag-aaral ng *BSED Filipino* sa kabila ng hamon bilang Isang *STRAT* sa pag-aaral ay naitala. tatlo na pangunahing tema ang lumitaw sa ginawang pagsusuri ng mananaliksik; responsableng pagganap sa mga gampanin, pagpupunyaging magtagumpay sa pag-aaral habang nagtatrabaho at katatagan ng loob ay laging taglayin.

DISKUSYON

Karanasan ng mga Mag-aaral ng *BSED Filipino* na kabilang sa *Student Resource and Assistantship Training Scholarship (STRAT).*

Sa pagkalap mga datos, natukoy ng mananaliksik ang tatlo (3) na mahahalagang tema na naglalarawan sa mga karanasan ng mga mag-aaral *ng BSED Filipino na kabilang sa STRAT.*

Kakulangan sa Pamamahala ng Oras. Ang mga mag-aaral ay hirap sa pagbalanse ng oras kaya hindi ito nagiging sapat sa pagganap ng kanilang mga responsibilidad sa pagitan ng trabaho at kanilang pag-aaral. Kapag ang isang mag-aaral ay walang kasanayan sa pag-organisa ng oras, ay magdudulot ng negatibong kondisyon na makakaapekto sa kanilang kalusugan, konsentrasyon, at memorya, habang ang pagiging abala sa trabaho ay maaaring magdulot ng pagkawala ng interes sa pag-aaral (Requinto & Muico, 2022). Kung kaya ang mahusay na pamamahala ng oras ay isang mahalagang aspekto upang magampanan nila ang kanilang mga tungkulin at responsibilidad nang epektibo (Ugidos, 2019).

Ayon sa Pahayag nina Scherer, Talley, & Fife (2017), ang mahina na kakayahan sa pamamahala ng oras ay nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagganap ng kanilang mga responsibilidad sa pag-aaral. Dahil dito, nakakaranas sila ng pagkabalisa at pangamba sa oras ng pag-aaral, na kadalasan ay sa bandang huli ng semestre nangyayari. Maaaring hindi sila makapag-aral nang sapat para sa mga pagsusulit, performans at proyekto gayundin ang mahirapan silang makumpleto o maisumite ang mga ito sa takdang oras pati na rin sa pagganap ng mga gawain ng mga mag-aaral sa trabaho (Winston, Plessis, & Solomon, 2022).

Ang kakulangan ng pamamahala sa oras ng mga mag-aaral sa kanilang trabaho at pag-aaral ay dati nang nag-uugnay ng negatibong resulta sa edukasyon sa mahinang pamamahala ng oras, na maaaring bahagi ng *self-serving bias* at ayon nina Kharadze, Gulua, & Davit (2017), gayunpaman ay may sapat na pag-aaral na nagpapatibay sa asosasyong ito. Nagiging negatibo ang resulta sa edukasyon ng mga mag-aaral kapag mahina ang kanilang pamamahala sa oras dahil nagiging limitado ang kanilang kakayahan na balansehin ang mga tungkulin sa trabaho at pag-aaral kung kaya't ang pag-sasaayos ng mga gawain ay malaking tulong upang matapos ang mga tungkulin sa takdang oras, mabigyang priyoridad ang mga responsibilidad sa pagitan ng pag-aaral at trabaho (Keiling, 2023).

Pagkakaroon ng Presyon sa Labis na mga Gawain. Ang mga estudyanteng nagtatrabaho ay nakakaranas ng akademikong presyon at pagkapagod habang pinagsasabay ang kanilang pag-aaral at trabaho na nagreresulta ng labis na gawain Burnett at Healy (2023. Dahil sa kakulangan ng pinansyal at upang matustusan ang bayarin sa paaralan, ang mga mag-aaral ay nagsusumikap na magampanan ang mga labis na gawain kahit minsan ay hindi ito maiiwasang matambak kung kaya't nahihirapan silang magbalanse ng kanilang mga iskedyul, na nagreresulta sa kakulangan ng pokus sa pag-aaral (McDougall & Driscoll, 2022).

Dahil sa pag-aasam na makapagtapos at magkaroon ng magandang kinabukasan, ang mga mag-aaral ay nagtatrabaho habang nag-aaral, pero nakadadagdag ito ng presyon sa kanilang pag-aaral. Pinatunayan ng pag-aaral nina De Guzman at Cayabyab (2017) na nahihirapan silang balansehin ang trabaho at pag-aaral, dahilan ng pagkabalisa. Nadaragdagan pa ito ng problema sa oras, pagkawala ng pokus, at minsan ay ang pagsabayin ang pag-aaral at trabaho na nakakaapekto sa kanilang *academic performance*.

Isang pag-aaral nina Guzman at Masa (2015) ang nag-analisa ng kaugnayan ng trabaho at ng *academic performance* ng mga kolehiyong Pilipino. Nalaman nila na mas mababa ang *GPA* ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

mga nagtatrabahong mag-aaral kumpara sa mga hindi. Ito ay pinaniniwalaang dulot ng limitadong oras at labis na mga gawain sa pag-aaral na nakaaapekto sa a*cademic performance*. Gayunpaman, ipinakita rin ng pag-aaral na ang mga nagtatrabahong mag-aaral na may mahusay na Pamamahala sa oras at malakas na sistema ng suporta ay nakakamit pa rin ang magandang performans sa larangan ng akademiko.

Pagkabalisa sa Tambak na Responsibilidad. Isa sa mga dahilan ang pagkabalisa kung bakit nahihirapan ang mga mag-aaral nagtatrabaho na balansehin ang kanilang mga responsibilidad sa trabaho at pag-aaral, lalo na at ang mga gawain ay dumarami at nakatambak na makakaapekto sa kanilang pagganap at pag-uugali na nagiging sanhi ng emosyonal na pagsusumikap at pagbaba ng kanilang aktibong pakikilahok sa klase (Walker & Cheng, 2023). Ang mga estudyanteng nagtatrabaho ay humaharap sa maraming hamon dahil kailangan nilang pagsabayin ang trabaho, pag-aaral, ekstra-kurikular na aktibidad, at personal na buhay. Ito ay nagdudulot sa kanilang ng hirap sa pag pokus, hirap sa paggawa ng desisyon kung ano ba ang dapat na unahin dahil sa minsanang tambak na gawain. Ayon nga kay Savescu, et al. (2017) na ang kanilang pagganap at pag-uugali ay maaaring maapektuhan ng *pagkabalisa*.

Ang mga mag-aaral na nagtatrabaho ay mas nakakaranas ng pagkabalisa sa kanilang pag-aaral kumpara sa kanilang trabaho dahil sa dagdag na gawain nito, ayon pa sa pahayag nina Cazan A-M at Draghici G-L (2022) na kapag ang mag-aaral ay may piniling unahin sa pagitan ng dalawa, maaaring mapabayaan nila ang isa pang papel nila. Ang pokus at intrinsic na motibasyon ng isang tao ay maaaring malaki ang epekto sa kanilang gustong makamit, maging ito man ay kaalaman o benepisyo upang matustusan lang ang bayarin sa pag-aaral. Maaaring sa kanilang pagkalito kung ano ang dapat unahin sa tambak na mga responsibilidad at kung ibubuhos lang ba nila ang kanilang oras sa isang papel lamang ay ang maaaring dahilan kung bakit sila ay mas nababalisa.

Ayon naman sa sinabi nina Tan at Alvarez (2022), ang pagkabalisa dulot ng pagsubok na tuparin ang parehong mga inaasahan sa trabaho at akademiko ay nagdudulot ng pagkapagod, na nagreresulta sa pagbaba ng sa kognitibong aspekto at motibasyon ng mga mag-aaral sa kanilang mga aralin na pinagtibay naman nina Kamaratih at Jamal (2019), ang pinagsamang pagkabalisa mula sa mga akademikong gawain, mga obligasyon sa trabaho, at kakulangan sa oras ng pahinga ay maaaring magdulot ng patuloy na pagkabalisa, na nakakaapekto sa kanilang akademikong pagganap at pangkalahatang kalusugan. May mas mataas na antas ang pagkabalisa ng mga nagtatrabahong mag-aaral dahil sa hirap na pagpili kung ano ba ang dapat na unahin gawin kagaya na lamang ng pag-aayos ng oras sa pagitan ng mga gawain sa paaralan at trabaho, kaya nagdudulot ito ng kaunting panahon para sa sapat na pahinga at pagbangon. Ang tuloy-tuloy na pagsasabay ng mga tungkulin ay nagdudulot ng pisikal at mental na pagkapagod. Dagdag pa rito, ang kakulangan ng pahinga ay nagpapahirap sa kanilang kakayahang kontrolin ang emosyon, na nagreresulta sa mas mataas na antas na pagkabalisa.

Paano Nalampasan ng mga Mag-aaral ng *BSED Filipino* ang mga hamon bilang isang *STRAT* sa kanilang pag-aaral. Sa nakalap na datos, natukoy ng mananaliksik ang lima (5) na mahahalagang tema na nagpapahayag sa kung paano nalampasan ng mga mag-aaral *ng BSED Filipino* ang mga hamon bilang isang *STRAT* sa kanilang pag-aaral.

Tamang Pamamahala sa Oras. Kinakailangan magkaroon ng tamang pamamahala sa oras ang mga nagtatrabahong mag-aaral upang mabalanse nila ang kanilang mga responsibilidad sa trabaho at pag-aaral. Ang epektibong pamamahala ng oras ay tumutulong upang maiwasan ang labis na stress at burnout na dulot ng sabay-sabay na paggawa ng maraming gawain. Sa pamamagitan ng wastong pagpaplano at priyoritisasyon ng kanilang mga tungkulin, magkakaroon sila ng sapat na oras para sa akademikong gawain, trabaho, at pahinga Hansen at Lee (2023). Ang tamang pamamahala sa oras ay mahalaga rin upang mapanatili ang kanilang kalusugan, makaiwas sa pisikal at mental na pagkapagod, at mapanatili ang mataas na kalidad ng kanilang pagganap sa parehong larangan.

Ayon sa pahayag ni Broadbent (2017) Ang tamang pamamahala ng oras ay isang kasanayang kailangang matutunan at makasanayan ng bawat mag-aaral para sa kanilang pag-unlad at ang kasanayan ding ito ang tumutulong sa mga mag-aaral na maisakatuparan ang kanilang mga gawain nang maayos at maiwasan ang sobrang pagkabalisa , nilinaw naman ni Romero-Blanco et al. (2020) na ang pagpapahusay sa kakayahan sa pamamahala ng tamang oras ay maidudulot ng magandang bunga sa kanilang akademiko at upang nabawasan ang pag-aalala na mapabuti ang trabaho. Ang kakayahang ito ay nagbibigay-daan sa kanila sa mas epektibong pamamahala ng kanilang tungkulin sa pag-aaral at trabaho.

Sinupurtahan naman nina Kumar at Silva (2023) na ang pagtataglay ng tamang pamamahala sa oras ay mahalaga para sa mga mag-aaral upang matagumpay na pamahalaan ang kanilang pag-aaral at layunin. Sa pamamagitan nito, tulad ng pagplano ng mga gawain, pagtakda ng mga priyoridad, at paggamit ng tamang oras ay mas madaling magkakaroon ng maayos na daloy ng trabaho at pag-aaral. Ang pagpapahalaga sa tamang pamamahala ng oras ay naglalayong mapabuti ang proseso sa tagumpay ng mga mag-aaral sa kanilang edukasyon.

Pagplano at Pag-organisa sa mga Gampanin. Ang pagpaplano at pag-organisa ng mga gawain ng isang nagtatrabahong mag-aaral ay mahalaga upang maayos na maisakatuparan ang kanilang mga responsibilidad sa trabaho at pag-aaral. Sa pamamagitan ng pagpaplano, nakakatulong ito na magtakda ng layunin at hakbang na kailangang gawin upang makamit ang mga ito. Ang pag-organisa ay nagbibigay ng sistematikong paraan ng pagharap sa mga gawain, na nagbibigay sa kanila ng kakayahan na maging mas epektibo at produktibo sa kanilang mga tungkulin Jones et al., (2023).

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Ayon sa mungkahi ni Bansal et al., (2023); Kent, (2023), ang koneksyon sa pagpapanatili ng listahan ng gawain at epektibong pamamahala ng oras, ay mahalaga para sa mga mag-aaral na nagtatrabaho. Sa pamamagitan ng patuloy na pagplano ng organisadong skedyul sa kanilang mga gawain ay nakakatulong ito sa kanila na bigyang prayoridad ang kanilang mga responsibilidad, paglaanan ng tamang oras, at manatiling pukos. Ang ganitong praktika ay epektibong pag-plano at pag-organisa, na nagbibigay daan sa mga mag-aaral na maisaayos ang kanilang araw-araw na gawain, balansehin ang kanilang mga tungkulin sa trabaho at pag-aaral.

Pinagtibay naman ni Evans (2017) na gayunpaman ay mahalaga ang pagkakaroon ng *digital* na listahan ng gawain o *to-do list* upang mas mapabuti pa ang mga paalala at magkaroon ng interaktibong pagtutulungan ng bawat isa. Sa pamamagitan nito, mas napapadali nila ang kanilang mga proseso sa pag-plano at pag-organisa na natutugunan nila ng maayos ang kanilang mga responsibilidad. Nagiging malinaw ang pagpapanatili ng kanilang pagiging epektibo sa pagpapalakas ng kanilang kabuuang pagganap sa parehong larangan ng akademiko at trabaho.

Positibong Pag-iisip. Ito ay nagiging daan upang magkaroon ang mga nagtatrabahong mag-aaral ng lakas o kakayahang bumangon mula sa pagkabalisa at pagod. Nakakatulong din ito sa kanila na magpokus sa kanilang mga layunin, mas maging produktibo, makabuo ng epektibong estratehiya upang balansihin ang kanilang mga responsibilidad at mapagtagumpayan ang mga hamon. Papazisis, et al., (2022).

Sa pahayag nina Aulia & Widyana (2022), ito ay nagbibigay-kakayahan sa mga indibidwal na lumikha ng mga solusyon at hinahasa ang kakayahan, kumpiyansa, at tibay sa pagharap sa pagkabalisa. Ito ay nagsisilbing sandata ng mga nagtatrabahong mga mag-aaral upang epektibong malampasan ang sabay na hamon sa pagitan ng trabaho at pag-aaral. Positibo nilang mahaharap ang mga hamon tulad ng tamang pamamahala ng oras at presyon sa mga gampanin. Ang ganitong positibong paglapit ay hindi lamang nagpapabuti sa kanilang kakayahan sa paglutas ng mga problema kundi nagpapataas din ng kanilang kumpiyansa, na nagbibigay-daan sa kanila upang mas maayos na magawa ang mga gawain at mabawasan ang pagkabalisa.

Pinanigan naman ito ni Melhe et al. (2021) na ang positibong pag-iisip ay nangangahulugang pagbago ng mga negatibong kaisipan at pagiging positibo at lohikal na perspektibo na tumutugma sa realidad. Ang prosesong ito ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na makita ang mga hamon hindi bilang mga hadlang, kundi bilang pagkakataon para sa ikakaunlad ng kanilang pagganap sa mga responsibilidad. Ito ay tumutulong sa kanila na makabuo ng mas makatuwirang solusyon at makita ang mga positibong aspekto ng kanilang karanasan, na nagpapatibay laban sa pagkabalisa at pagod. Sa ganitong paraan, nakakatulong ito sa kanila na maabot ang mga layunin at mapanatili ang balanseng responsibilidad na kinakailangan upang maging matagumpay sila sa parehong aspekto ng kanilang buhay, Diener (2020).

Pagkakaroon ng Motibasyon. Kailangang magkaroon ng motibasyon ang mga mag-aaral upang matagumpay nilang magampanan ang kanilang mga responsibilidad sa pagitan ng trabaho at pag-aaral, Muenks et al. (2018). Ang motibasyon ay nakakatulong na maging masigasig upang magpatuloy na maabot ang kanilang mga ninanais sa kabila ng mga hamon na kanilang hinaharap. Bukod dito, ito ay nagbibigay ng paag-asa upang magpatuloy at magtagumpay maging na makamit ang kanilang mga pangarap at mapabuti ang kanilang kinabukasan.

Ang pahayag ni Jankovic (2018) ay perpektong naglalarawan ng kahalagahan ng motibasyon para sa nagtatrabahong mag-aaral. Nagkakaroon ng hamon sa pagbalanse ng trabaho at pag-aaral ngunit ang mga estudyante ay hinihimok sa pagitan ng kombinasyon ng mga *internal at external* na puwersa sa motibasyon. Ang hangarin para sa pag-aaral at pagkuha ng mga kasanayang handa para sa trabaho *(intrinsic motivations)* ay nagpapalakas ng kanilang pagnanasa sa pag-aaral. Ito ay sa kadahilanan ng mga praktikal na pangangailangan tulad ng pinansyal na kalayaan at pag-angat sa karera *(extrinsic factors)*, Muenks et al. (2018). Kung wala ang pinagsamang motibasyong ito, ang mga hamon sa pagitan ng trabaho at pag-aaral nakakatulong upang magpatuloy sa kanilang mga layunin. Ito ay nagsisilbing makina na nagtutulak sa kanila sa mahirap na landas ng pagbalanse ng trabaho at pag-aaral habang nakakamit ang tagumpay sa akademya.

Sa kabila ng mga likas na hamon ng pagbalanse sa trabaho at pag-aaral, ang mga nagtatrabahong mag-aaral ay nagsusumikap pa rin na magpatuloy, katulad ng sinabi ni Hermawan & Astuti (2020) ay bunga rin ito ng magkakaibang *intrinsic* at *extrinsic* na mga salik sa motibasyon para magpursige sa pag-aaral at trabaho Kasama na rito pagkakaroon ng sapat na pinansyal, paglago sa sarili at magtaglay ng mga kakayahan sa kanilang mga karera. Ang mga *internal* na mithiin at mga external na presyon ay nagiging Isang malakas puwersa upang magpatuloy at magtagumpay sa hinaharap.

Pagkakaroon ng Determinasyon na Magpatuloy. Ang determinasyong ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng lakas at pokus na kinakailangan upang manatiling dedikado sa kanilang pag-aaral habang tinutugunan ang mga pangangailangan ng kanilang trabaho. Pinapanatili silang matatag sa mga hamon tulad ng kakulangan sa oras, pagkapagod, at magkasalungat na priyoridad na may paninindigan. Sa pamamagitan nito, ay maaaring nilang malampasan ang mga balakid, makagawa ng desisyon, at gamitin ang kanilang determinasyon upang magpatuloy sa laban. Ito ay hindi lamang tumutulong sa kanila na makamit ang kanilang mga layunin sa pag-aaral- kundi nagpapahusay din sa kanilang mga propesyonal na kakayahan, na naghahanda sa kanila para sa tagumpay sa hinaharap na may tapang at pananampalataya, Gupta at Bhattacharya (2020).

Ayon sa sinabi ni Sharp et al. (2020), Ang determinasyon na magpatuloy ay epektibong mapagtagumpayan ang kanilang mga akademikong layunin habang hinaharap ang mga hamon sa kalusugan ng isip, kagaya na lamang ng pagiging pagod at

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

pagkabalisa dahilan upang maiba ang timpla ng kanilang *mood*. Kaya dapat maisapuso ang mga responsibilidad upang hindi nagiging komplikado ang isipan at magkaroon sila ng galak sa kanilang mga ginagawa sa pagitan ng kanilang mga akademikong tungkulin at trabaho. Ang determinasyon ay hindi lamang tumutulong sa kanila na manatiling nakatuon sa kanilang mga layunin kundi pati na rin sa pagtiyak na mabigyang prayoridad din ang kanilang emosyon at mental na aspekto, Lichtenberger et al. (2020).

Ayon sa isang pag-aaral nina Kim J at Kim Y (2023) na nagpapakita ng *self-compassion* kasabay ng mga tradisyunal na aspeto tulad ng pagsasagawa ng layunin at pagtitiyaga. Ipinapahiwatig nito na ang determinasyon ay umuunlad hindi lamang sa pamamagitan ng pagpupursigi sa mga hamon ng mga mag-aaral kundi pati na rin sa pagtanggap ng kabiguan dahil kailangan ang tiyaga upang malinang ang determinasyon na maituwid ang kanilang mga pananaw at disisyon na hindi panghinaan ng loob na magpatuloy. Gayunpaman, kinakailangang pagtuunan ang solusyon at di dapat kalimutan na maging masaya sa pagganap ng mga responsibilidad sa pagtatrabaho at pag-aaral.

Mga Pananaw ng mga Mag-aaral ng *BSED Filipino* sa Kabila ng Hamon Bilang isang *STRAT* sa Pag-aaral.
Sa nakalap na datos, natukoy ng mananaliksik ang tatlo (3) na mahahalagang tema na nagpapahayag sa pananaw ng mga mag-aaral ng BSED Filipino sa kabila ng hamon bilang isang *STRAT* sa kanilang pag-aaral.

Responsableng Pagganap sa mga Gampanin ay Kinakailangan. Kailangang maging responsable ang mga nagtatrabahong mag-aaral sa pagganap ng kanilang mga gampanin dahil ang pagiging responsible ay paraan sa matagumpay na pamamahala ng oras at balanse sa pagitan ng trabaho at pag-aaral. Ang responsibilidad ay nangangahulugan ng pagtupad sa mga obligasyon, pagsunod sa mga itinakdang oras, at pagkakaroon ng disiplina upang mag-aral at magtrabaho nang mabuti, Perera et al. (2020). Sa pamamagitan nito, masisiguro nila na natutugunan ang mga kailangan sa pag-aaral at trabaho.

Ayon sa suhestyon ni Apostolakou et al. (2022), habang ang pagtatrabaho ay maaaring magpabuti sa akademikong performans ng isang mag-aaral, ang pagiging responsable ay isang paraan sa benepisyong ito. Sa pamamagitan ng epektibong pamamahala ng oras at pagbibigay priyoridad sa pag-aaral, ang responsableng mga mag-aaral na nagtatrabaho ay mas handang harapin ang mga pangangailangan sa trabaho at manatiling nangunguna sa kanilang trabaho na nagbubunga ng positibong ugnayan sa pagitan ng pagtatrabaho at tagumpay sa akademiko, Lichtenberger et al. (2020).

Ayon din sa pahayag nina Blaisure & Dass (2023), ang paglinang ng responsibilidad sa mga mag-aaral, lalo na sa mga nagtatrabaho habang nag-aaral, ay napakahalaga. Ang pagiging responsable sa pagganap ng mga gampanin ay kinakailangan dahil ito ay susi sa pagkamit ng tagumpay sa pag-aaral sa pamamagitan ng pagkakaroon ng tamang prayoridad. Dagdag pa rito, ang responsableng mga mag-aaral ay matalino ring namamahala sa kanilang pinansyal. Bukod pa rito, ang pagiging responsable sa mga gampanin ay upang malinang ang mga mahahalagang kasanayan sa buhay tulad ng tamang pamamahala ng oras sa kanilang pag-aaral at trabaho maging sa kinabukasan.

Pagpupunyaging Magtagumpay sa Pag-aaral Habang Nagtatrabaho. Sa pag-aaral, ang tagumpay ay hindi ibinibigay lamang kundi ito ay pinaghihirapan sa pamamagitan ng pagpupunyagi. Ito ang daan kung saan ang pagpupunyagi ay nagiging nagsisilbing tulay sa mga mag-aaral patungo sa kanilang mga mithiin, Martens at Greco (2022). Lalo na sa mga mag-aaral na nagtatrabaho, ang pagpupunyagi ay higit na kailangan dahil sa dagdag na responsibilidad sa kanila.

Ayon sa bagong pag-aaral nina Wang & Zhang (2024) ay nagbibigay-diin sa hindi matatawarang ugnayan sa pagitan ng pagpupunyagi at tagumpay sa akademya. Ang mga mag-aaral na naglalaan ng oras sa pag-aaral, patuloy na nakukumpleto ang mga gawain sa trabaho, at gumagawa ng dagdag na pagsisikap ay madalas na umaangat sa buhay. Ang pagsisipag sa pag-aaral habang nagtatrabaho ay may mas matibay na pundasyon para sa tagumpay sa kanilang paglalakbay.

Ipinapahiwatig nina Lee at Choi (2024) ang kahalagahan ng sipag sa tagumpay sa akademiko na kapag ang mga mag-aaral ay nagsusumikap na matuto sa kanilang pag-aaral, mas malaki ang bahagdan nilang magtagumpay. Ito ay nangangahulugang tinatapos nila ang mga gawain sa tamang oras at paghahanap ng paglilinaw kapag kinakailangan lalo na kapag ikaw ay nagtatrabaho habang nag-aaral. Hindi dapat magpadala sa pagkabalisa, hindi dapat pabayaan ang sarili, maging masaya lang sa lahat ng ginagawa para magaan gawin ang mga dapat magampanansa kabila ng mga pagsubok, García et al. (2021). Sa huli, ang mga masisipag na mag-aaral ay magbubunga rin ang mga sakripisyo para at masusuklian din ng tagumpay sa kinabukasan.

Katatagan ng Loob ay Laging Taglayin. Ito ay nagbibigay ng lakas at kakayahang harapin ang mga hamon tulad ng pagod, kakulangan sa oras, at stress sa mga nagtatrabahong mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagiging matatag, mas nagiging epektibo silang pamahalaan ang oras, magbigay ng sapat na atensyon sa kanilang mga aralin, at magampanan nang maayos ang kanilang mga tungkulin sa trabaho. Pinapanatili nito ang pagiging positibo kahit sa mga mahihirap na sitwasyon, Lee et al. (2020).

Ang malaking hamon ng mga nagtatrabahong mag-aaral ay ang pagbalanse ng oras, at pagsasabay ng trabaho sa pag-aaral at ayon sa pag-aaral ni Carter et al., (2024), ang katatagan ang nagsisilbing sandata ng mga ito. Sa pamamagitan nito ay nalalampasan nila ang mga hamon at humarap kahit pa sa mga hindi inaasahang sitwasyon at makahanap ng mga paraan upang epektibong pamahalaan ang kanilang mga gawain. Ang katatagan ng loob ay nagsisilbing pag-asa. Gagawin ang lahat sa abot ng kanilang makakaya upang maging responsable sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

pagganap ng maayos sa mga responsibilidad sa pag-aaral at trabaho.

Ayon kay Dweck (2020), ang mga mag-aaral na may malawak na kaisipan ay naniniwala na sa pamamagitan ng pagsisikap at pagtitiyaga, maaari nilang mapalago ang kanilang mga kakayahan at katalinuhan sa paglipas ng panahon. Para sa mga mag-aaral na nagtatrabaho, mahalaga ang ganitong pananaw dahil tinutulungan silang makita ang mga hamon bilang mga oportunidad para sa personal na pag-unlad sa halip na mga hadlang na mahirap malagpasan. Sa paniniwalang magbubunga ng tagumpay ang kanilang pagsusumikap, mas malamang na magpatuloy ang mga mag-aaral na may malawak na kaisipan kahit na may mga pagsubok sa kanilang akademiko at trabaho.

Implikasyon sa Pagtuturo

Tumutukoy ang pag-aaral na ito sa hamon ng mga mag-aaral sa *BSED Filipino* na kabilang sa *Student Resource and Assistantship Training Scholarship (STRAT)*. Ang kakulangan sa pamamahala ng oras at pagkabalisa ay isang hamon na nararanasan ng mga mag-aaral sa pagganap ng kanilang mga gampanin sa pagitan ng kanilang pag-aaral at trabaho. Ito ay kinakailangan at napakahalagang matutukan dahil hindi madali na mag-aral habang nagtatrabaho. Sila ay nahaharap sa maraming hamon dahil kinakailangan nilang balansehin ang kanilang oras at enerhiya sa pagitan ng pag-aaral at trabaho. Karaniwan, kailangan nilang magtrabaho upang matustusan ang bayarin sa bawat semestre, na nagdudulot ng pagkabalisa at pagod. Dahil dito, madalas na limitado ang kanilang oras para sa pag-aaral, pamamahinga, at personal na buhay, na maaaring makaapekto sa kanilang pag-aaral at kalusugan. Sa kabila ng mga hamon na ito, ipinapakita ng mga mag-aaral ang kanilang determinasyon at sipag upang makatulong sa mga magulang na tustusan ang kanilang pag-aaral. Ito ay dapat na pag-aralan at bigyang pansin para makita at malaman ang mga kadahilanan kung bakit sila ay nahihirapan na pamahalaan ang oras na nagdudulot ng pagkabalisa.

Sa resultang nabuong mga tema sa bawat katanungan ay nagpapakita ng iba't ibang karanasan na hinarap ng mga mag-aaral sa kanilang mga gampanin sa pagitan ng pag-aaral at trabaho. Sa unang katanungan ay may nabuong tatlong pangunahing tema. Una ay kakulangan sa pamamahala ng oras, maaari itong magresulta sa mababang performans sa akademiko dahil sa kakulangan ng sapat na oras para mag-aral at gawin ang mga kinakailangang proyekto o takdang-aralin maging sa trabaho. Ang mga nakaaapektong salik na na ito sa kanilang pag-aaral at trabaho ay nangangailangan ng mga solusyon. Pangalawa, pagkakaroon ng presyon sa labis na gawain, ang presyon sa mga mag-aaral ay maaari ding magpababa sa kanilang kalidad sa mga responsibilidad, dahil nagiging mahirap ang pagtuon at paglaan ng sapat na oras para sa bawat gawain. Pangatlo, pagkabalisa sa tambak na mga gawain, ito ay may malalim na epekto sa mga mag-aaral na nagreresulta ng pagbagsak sa kanilang kalusugan at pagganap sa mga responsibilidad ay nagdudulot sa pisikal at sikolohikal sa pag-iisip na aspekto tulad ng pagkapagod at pananakit ng ulo, na nagpapababa ng kanilang kakayahan na makapagtrabaho nang maayos. Ito ay nangangailangan ng solusyon upang ang pagkabalisa ng mga mag-aaral ay mabawasan at mas makapagpokus pa sa kanilang pag-aaral.

Sa ikalawang katanungan, may lima naman na pangunahing tema ang nabuo. Una, tamang pamamahala sa oras, ang mga mag-aaral ay may kakayahang pamahalaan ang kanilang oras ng maayos sa pagganap ng kanilang mga responsibilidad sa pag-aaral at trabaho. Pangalawa, pagplano at pag-organisa sa mga gampanin, ito ay nagbibigay-daan sa kanila na magtakda ng mga prayoridad, maglaan ng sapat na oras para sa bawat gawain, at maiwasan ang pagkabalisa na dulot ng magkasabay na responsibilidad. Pangatlo, Positibong pag-iisip. Ito ay nakakatulong sa kanila na harapin ang mga hamon na dulot ng magkasabay na responsibilidad. Pang-apat, pagkakaroon ng motibasyon. Ito ang nagsisilbing pwersa na nagtutulak sa kanila upang magpatuloy sa kabila ng mga hamon at pagod na dulot ng magkasabay na responsibilidad sa trabaho at pag-aaral. Panglima, pagkakaroon ng determinasyon na magpatuloy. Ang pagiging determinado ay nagbibigay ng lakas ng loob na maglaan ng sapat na oras at patuloy na magsiikap para makamit ang kanilang mga mithiin.

Sa ikatlong katanungan, may tatlo rin na pangunahing tema ang lumitaw. Una, responsableng pagganap sa mga gampanin ay kinakailangan, ang pagiging responsable ay nangangahulugang pagtupad sa kanilang mga obligasyon sa trabaho at pag-aaral ng may integridad at pagiging maaasahan. Sa pamamagitan ng responsableng pagganap, nagagampanan nila ang kanilang mga tungkulin nang epektibo at naiiwasan ang mga negatibong epekto ng kapabayaan, tulad ng mababang marka at pagkabalisa. Pangalawa, pagpupunyaging magtagumpay sa pag-aaral habang nagtatrabaho, Ang pagsisikap sa pag-aaral ay nagpapakita ng kanilang dedikasyon at determinasyon na mapabuti ang kanilang kaalaman at kasanayan, na magbibigay sa kanila ng mas maraming oportunidad at mas mataas na posibilidad ng tagumpay sa para sa kinabukasan. Pangatlo, katatagan ng loob ay laging taglayin, Ang katatagan ng loob ay nagiging sandigan nila sa mga pagkakataong nakakaramdam sila ng pagod, panghinaan ng loob, o mawalan ng motibasyon. Sa pamamagitan nito, nagiging mas handang humarap sa mga pagsubok at magpatuloy kahit sa gitna ng kanilang mga hamon.

Inilantad ng mga resulta na maraming mag-aaral na hirap balansehin ang kanilang pamamahala sa oras dahilan upang sila ay makaramdam ng pagkabalisa at pagkapagod dahil sa magkasabay na responsibilidad na kailangan nilang gampanan ng maayos upang maging responsable sa pag-aaral at pagtatrabaho.

Mahalaga ang pag-aaral na ito dahil nagbibigay ito ng mga katotohanan hinggil sa mga dahilan ng kahirapan sa pamamahala ng oras at pagkabalisa ng mga mag-aaral. Malaking benepisyo ang makikinabang ang *Commission on Higher Education* (CHED), dahil maaaring gamitin ang mga resulta ng pag-aaral bilang gabay para maglaan ng mas maraming atensyon sa isyu. Maaaring magsilbing *framework* ang mga resulta na naglalaman ng mga estratehiya at

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

rekomendasyon upang matugunan ang isyu ng pagkabalisa ng mga mag-aaral. Para naman sa mga administrador ng *Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST),* magagamit nila ang mga natuklasan upang mapaunlad at magdisenyo ng kurikulum na magpapalakas sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto, at tugunan ang mga pangangailangan at pag-unlad ng mga mag-aaral. Bukod dito, para sa mga guro, magiging gabay ang pag-aaral upang maunawaan ang mga sanhi ng kakulangan sa pamamahala ng oras at pagkabalisa ng mga mag-aaral, kaya makakagawa sila ng mga hakbang at interbensyon na makakatulong upang mapabuti ang kanilang oras at pamamahala ng pagkabalisa, lalo na sa mga *STRAT scholar*.

Dagdag pa rito, makikinabang ang mga kalahok ng pag-aaral, lalo na ang mga mag-aaral, dahil magkakaroon sila ng pagkakataon na masuri ang kanilang kasanayan sa pagsasalita habang tinatalakay ang mga dahilan ng kanilang kahirapan sa pagbalanse ng oras at pagkabalisa sa kanilang mga tungkulin. Sa pagtatapos, makikinabang din ang mga mananaliksik sa hinaharap mula sa pag-aaral na ito, dahil maaari nilang gamitin ito bilang gabay o sanggunian sa kanilang mga susunod na pananaliksik na may kaugnayan sa paksang ito. Gayundin, magsisilbi itong instrumento upang mapagtibay pa ang mga pananaliksik na gagawin sa hinaharap.

Implikasyon sa Susunod na Pananaliksik

Ang resulta ng pananaliksik ay nagbigay ng matibay na ebidensya tungkol sa mga hamon na kinahaharap ng mga mag-aaral na bahagi ng *Student Resource and Assistantship Training Scholarship (STRAT)* ng KCAST. Ang pag-aaral na ito ay nagbigay-diin sa mga mag-aaral na nagtatrabaho habang nag-aaral, at ipinakita na ang kakulangan sa balanse ng oras at ang pagkabalisa na nararanasan nila ay malaki ang epekto sa kanilang pagganap sa mga responsibilidad, na nagpapakita ng negatibong epekto sa kanilang akademikong tagumpay. Ang agarang pagresolba sa isyung ito ay makatutulong sa pagpapabuti ng kakayahan ng mga mag-aaral na pamahalaan ang kanilang oras.

Binigyang-diin ng mananaliksik na ang kakulangan sa pamamahala ng oras at ang pagkabalisa ng mga mag-aaral ay dapat pagtuunan ng pansin upang mapabuti ang kanilang pag-aaral at trabaho. Inirerekomenda rin na ang mga resulta ng pag-aaral na ito ay magsilbing batayan para sa *Commission on Higher Education (CHED)* upang magtakda ng mga bagong kurikulum na magbibigay solusyon sa isyung ito. Higit pa rito, hinihikayat ang mga susunod na pananaliksik na magsagawa ng mga pag-aaral na may kaugnayan sa paksa upang masubaybayan ang epekto ng mga pagbabagong magaganap sa mga mag-aaral na humaharap sa ganitong hamon.

Panapos na Pahayag

Batay sa mga resulta mula sa masusing panayam at pangkatang talakayan, nailahad ang mga konsepto hinggil sa mga hamon na nararanasan ng mga mag-aaral na kabilang sa *Student Resource and Assistantship Training Scholarship (STRAT)* ng KCAST. Sa pamamagitan ng kwalitatibong pag-aaral na ito, natukoy ng mananaliksik ang iba-ibang karanasan at pagsubok na hinarap ng mga mag-aaral sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin. Ang pag-aaral na ito ay itinuturing na napapanahon, kaya layunin ng mananaliksik na suriin kung mayroon pa ring mga mag-aaral na nahihirapan sa pagbabalanse ng kanilang oras at nakararanas ng labis na pagkabalisa sa pagtupad sa kanilang mga responsibilidad, kahit nasa antas ng kolehiyo na.

Sa pananaliksik na ito, naging hamon ang paghahanap ng mga kaugnay na literatura dahil karamihan sa mga ito ay nakasulat sa Wikang Ingles, kaya't kinakailangang isalin ang mga ito sa Wikang Filipino. Ang pakikipanayam sa mga partisipante ay hindi naging madali sapagkat may kanya-kanyang responsibilidad ang mga kalahok, kaya kinakailangang magpakita ng matinding pasensya at pag-unawa sa kanilang kakayahang maglaan ng oras para sa panayam. Hindi rin naiwasan ang pagod, puyat, at mga gastusin sa proseso ng pananaliksik. Sa kabila ng mga hamong ito, nagpatuloy ang mananaliksik dahil ang pag-aaral ay nagbigay ng mahalagang kaalaman at nagbigay-daan upang maunawaan ang mga hamon na nararanasan ng mga mag-aaral ng BSED Filipino na bahagi ng *Student Resource and Assistantship Training Scholarship (STRAT).*

Samakatuwid, lumitaw ang ilang mahahalagang tema sa pag-aaral na ito. Ang mga temang ito ay sumasalamin sa mga karanasan ng mga mag-aaral sa pagharap sa mga hamon at kanilang mga pananaw. Dahil dito, may iba-ibang konklusyong maaaring ilahad ng mananaliksik.

Sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral ay nabigyang pansin ng mananaliksik ang nahaharap nilang iba-ibang karanasang hamon na nakakaapekto sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Napag-alaman ng mananaliksik ang balansehin ang oras sa pagitan ng trabaho at pag-aaral ay isa sa pinakamalaking pagsubok, kung saan madalas silang kulang sa pahinga. Napagtanto rin ng mananaliksik na ang pagkabalisa mula sa mga gawain sa pag-aaral at trabaho ay maaaring magdulot ng mental at pisikal na pagkapagod. Napatunayan ng mananaliksik na sa kabila ng mga ito, ipinapakita ng mga mag-aaral sa pag-aaral na ito ang kanilang determinasyon at kakayahang magtagumpay sa kabila ng mga balakid.

Higit na inirekomenda ng mananaliksik na mabigyang pansin ang mga mag-aaral na nahaharap sa hamong ito upang pagtuonan ng mga paraan upang makatulong sa kanila na maging matatag at huwag panghinaan ng loob na magpatuloy, kinakailangan ang maging responsible sa kanilang sitwasyon upang lubusang maitama ang pamahalaan ang kanilang oras at maiiwasan ang pagkabalisa.

Panghuli, sa lahat ng mga mag-aaral na nahihirapan na pamahalaan ang oras ng tama at pagkabalisa, maging matatag at huwag panghinaan ng loob sa anumang hamon na nararanasan. Tukuyin ang mga dapat bigyang prayoridad ng pag balanse sa pagitan ng trabaho, pag-aaral, at pahinga. Ang mga ito'y mga hamon na dapat pagdaanan at lampasan sa buhay. Kaya magpatuloy lang sa pagtahak sa nasimulan, iwanan ang mga bagay na nagiging hadlang, at magpatuloy sa laban.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

TALASANGGUNIAN

1. *Abenoja, R., Accion, N., Aguilar, J., Alcasid, M., Amoguis, A., Buraquit, D., Mama, A., Pacete, J. & Pame, J. (2020). The experiences of working while studying: A phenomenological study of senior high school students. https://doi.org/10.35542/osf.io/w5t7.*
2. *Allardo-Lolandes, Y., Alcas-Zapata, N., Acevedo Flores, J. E., & Ocaña-Fernández, Y. (2020). Time management and academic stress in Lima*
3. *University students. International Journal of Higher Education, 9(9), 32.*
4. *Alvarez Sainz, M., Ferrero, A. M., & Ugidos, A. (2019). Time management: Skills to learn and put into practice. Education + Training, 61(5), 635-648. https://doi.org/10.1108/et-01-2018-0027.*
5. *Amadi, W. A., Du Plessis, M., & Solomon, S. (2022). Will working students flourish or give up? Exploring the influence of academic psychological Capital, grit, and time management. South African Journal of Higher Education. https://doi.org/10.20853/36-6-4486.*
6. *Antipolo, J. (2021). Balancing school and work amidst a pandemic: working students' time management. https://www.researchgate.net/publication/354161773_BALANCING_SCHOOL_AND_WORK_AMIDST_A_PANDEMIC_WORKING_STUDENTS%27_TIME_MANAGEMENT.*
7. *Astudillo, M. L., Martos, R., Reese, T. M., Umpad, K. J., & Fuente, A. D. (2019). The effects of time management among working students of selected grade 12 general academic Strand of senior high school in Bestlink College of the Philippines. Ascendens Asia Publishing Pte. Ltd. (Singapore). https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/aasgbcpjmra/article/view/1254.*
8. *Bansal, A., et al. (2023). Time management and academic performance of working students: A critical review. International Journal of Education Research, 21(2), 45-59.*
9. *Barinua, V., & Deinma, E. (2022). Time management and employee engagement. BW Academic Journal. https://www.bwjournal.org/index.php/bsjournal/article/view/680.*
10. *Barinua, V., & Deinma, E. (2022). Time management and employee engagement. BW Academic Journal. https://www.bwjournal.org/index.php/bsjournal/article/view/680.*
11. *Bhattacharya, R., Tipu, M. N., Sarker, B., & Durud, M. S. (2022). Exploring the interrelation between time management and academic achievement among university students. Asian Research Journal of Arts & Social Sciences, 28-37. https://doi.org/10.9734/arjass/2022/v17i230302.*
12. *Booysen, L.A.E., Bendl, R. and Pringle, J. (2018), Handbook of Research Methods on Diversity Management, Equality, and Inclusion at Work, Edward Elgar Publishing, Cheltenham.*
13. *Bozkus, K. (2020). Ed610139. ERIC - Education Resources Information Center. https://eric.ed.gov/?q=how+to+avoid+procrastination&id=ED610139.*
14. *Bressler, D., et al. (2019). Hope and optimism in academic success: Exploring their impact on student achievement. Journal of Educational Psychology, 111(2), 264-278.*
15. *Brown, P., Liu, J., & Zhang, Y. (2023). Flexible work schedules and academic performance: A study of working students. Journal of Workplace Psychology, 12(3), 203-220.*
16. *Burnett, T., & Healy, S. (2023). The mental health impact of work-study balance among college students. Journal of Student Health.*
17. *Butarbutar, M., Kurnia Lubis, A., Tua Siregar, R., & Supitriyani, S. (2022). Implementation of work stress in moderating work-life balance and flexible work. 3(5), 1357-1364. https://doi.org/10.46729/ijstm.v3i5.615.*
18. *Butler,(2017).https://www.researchgate.net/publication/373419757_A_Qualitative_Investigation_of_Time_Management_Interventions_for_Working_Students_in_the_Philippines_to_Balance_Academics_and_Work.*
19. *Chansaengsee, S. (2017). Time management for work-life and study-life balance | Veridian E-journal,silpakorn University (Humanities, social sciences And arts). Thai Journals Online (ThaiJO). https://he02.tci-thaijo.org/index.php/Veridian-E-Journal/article/view/99065.*
20. *Chantrea, B., Chansophy, H., & Chantyta, H. (2023). Working and Studying at the Same Time. Welcome to The University of Cambodia (UC). https://uc.edu.kh/userfiles/image/2018/Working%20and%20Studying%20at%20the%20Same%20Time.pdf.*
21. *Chen, D., & Martinez, S. (2022). Time-blocking and the benefits of structured scheduling for student-workers. Journal of Student Success and Well-being, 47(1), 45-61.*
22. *Chen, Y., & Wallace, J. (2023). Coping strategies and stress reduction among employed students. Journal of Higher Education and Health.*
23. *Creswell, J.W. & Creswell, J.D. (2018). Research design: Qualitative, quantitative and mixed methods approach (5th ed). Thousand Oaks: SAGE*
24. *Diener, E. (2020). The role of optimism in coping with stress and achieving life satisfaction. Journal of Positive Psychology, 14(2), 128-141.*
25. *Duckworth, A. L., et al. (2018). Grit and perseverance: Predicting long-term success in academic and professional settings. Educational Psychology, 42(3), 244-256.*
26. *Duckworth, A. L., et al. (2018). Grit and perseverance: Predicting long-term success in academic and professional settings. Educational Psychology, 42(3), 244-256.*
27. *Dweck, C. S. (2020). Mindset: The New Psychology of Success. Ballantine Books.*
28. *Gallardo-Lolandes, Y., Alcas-Zapata, N., Acevedo Flores, J. E., & Ocaña-Fernández, Y. (2020). Time management and academic stress in Lima University students. International Journal of Higher Education, 9(9), 32. https://doi.org/10.5430/ijhe.v9n9p32.*
29. *García, A., et al. (2021). Resilience in working students: The role of stress management and recovery strategies. Journal of Student Success, 13(1), 45-59.*
30. *Garcia, L., & Thompson, R. (2023). Time management practices among employed students: An exploratory study. Journal of Higher Education Research.*
31. *Garcia, R., & Price, A. (2022). The dual role of working students and its impact on time management and stress. Journal of Student Affairs Research.*
32. *Gruzina, Y., Firsova, L. & Strielkowski, W. (2021) Dynamics of human capital development in economic development cycles, Economies 9(67). 1-18.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

https://doi.org/10.3390/ economies9020067.

33. *Gupta, R., & Bhattacharya, S. (2020). The role of resilience in motivation and academic success of working students. Journal of Educational Development, 44(1), 73-82.*
34. *Hansen, J., & Lee, M. (2023). The impact of time management on academic performance among working students. Higher Education Studies, 55(3), 150-163.*
35. *Johnson, A., Brown, M., & Riley, K. (2023). Work and academic performance: Challenges faced by working students. Academic Perspectives in Education.*
36. *Johnson, L., & Lee, S. (2020). The role of social support in the academic success of working students. International Journal of Educational Research, 48(2), 88-102.*
37. *Johnson, T., & Green, K. (2022). Support networks and stress reduction for working students. Journal of Academic Success, 18(2), 78-95.*
38. *Jones, K., et al. (2023). Balancing work and academics: The role of flexible work hours in time management. Journal of Educational Research, 58(2), 230-245.*
39. *Keiling, H. (2023). Time management skills: Examples and how to improve them. IndeedCareerGuide. https://www.indeed.com/career-advice/career-development/time-management-skills.*
40. *Kim, Y., & Lee, H. (2020). Intrinsic motivation and academic achievement in working students. Educational Psychology, 42(5), 594-609.*
41. *Kolhar, S., Kazi, S., & Alameen, R. (2021). Social media distractions among working students: An analysis of time management and academic performance. Journal of Social Media Studies, 14(3), 255-270.*
42. *Kozicki, S. (2018). Using time in negotiations — Gordian business. Gordian Business. https://www.gordianbusiness.com.au/blog/2018/6/1/using-time-in negotiations.*
43. *Kumar, R., & Silva, T. (2023). Role of time management training in improving academic and work performance for students. Educational Development Review, 29(4), 117-133.*
44. *Lee, J., et al. (2020). Emotional intelligence and the success of working students. International Journal of Student Success, 11(2), 53-64.*
45. *Lee, S., & Martinez, E. (2023). Mental health challenges among students with dual responsibilities: A review. Journal of College Health.*
46. *Leverage Edu, (2022) Importance of time management for students. https://leverageedu.com/blog/time-management-for-students/.*
47. *Lewis, C., & Johnson, H. (2023). Role conflict and time management stress in employed college students. Academic Journal of Psychology.*
48. *Lichtenberger, E., et al. (2020). Goal setting and academic motivation: The impact of structured objectives on student success. Journal of Educational Psychology, 112(2), 315-328.*
49. *Lichtenberger, E., et al. (2020). Goal setting and academic motivation: The impact of structured objectives on student success. Journal of Educational Psychology, 112(2), 315-328.*
50. *Lin, Y., & Tan, Y. (2021). Time management and its impact on working students' performance. Journal of Academic and Career Development, 16(1), 77-89*
51. *Lopez, M., et al. (2021). Purpose-driven perseverance in working students: A cross-sectional study. Journal of Student Development, 58(4), 213-225.*
52. *Lopez, V., & Goh, J. (2021). Social support and resilience in working students. Journal of Psychological Research, 40(3), 123-138.*
53. *Lyubomirsky, S., King, L., & Diener, E. (2019). The benefits of positive emotions for academic performance: The role of optimism. Journal of Personality and Social Psychology, 117(1), 1-11.*
54. *Manea, A. D., Stan, C. N., & Labar, A. V. (2022). Procrastination – from causes and effects to intervention. EBSCO Information Services. authtype=crawler&jrnl=23441887&AN=162737014&h=a0Em%2f1FA5TnDQbk3pWCvnj1fIKFOERGp75.*
55. *Martens, K., & Greco, P. (2022). Resilience and perseverance among working students: An analysis of coping strategies. Educational Psychology Review, 34(2), 267-283.*
56. *Martinez, I. M., et al. (2019). Psychological capital and academic engagement in higher education students. Journal of Educational Psychology, 111(4), 652-667.*
57. *McDougall, P., & Driscoll, J. (2022). The academic cost of student employment: A meta-analysis. Journal of Educational Psychology.*
58. *Melgaard, J., Monir, R., Lasrado, L. A., & Fagerstrom, A. (2022). Academic Procrastination and Online Learning During the COVID-19 Pandemic. ScienceDirect.https://www.sciencedirect.com/science/article/pii/S1877050921022195.*
59. *Miller, J., & Thompson, S. (2022). Employer support for working students: Flexibility and its impact on stress levels. Employment and Learning Quarterly.*
60. *Miller, S., & Dawson, C. (2023). Goal-setting and time management among working college students. Journal of Student Productivity, 16(1), 55-71.*
61. *Muenks, K., et al. (2018). Intrinsic motivation and academic success: The importance of personal fulfillment for students facing work and study pressures. Journal of Educational Psychology, 110(4), 682-696.*
62. *Muico, E. J., & Requinto, J. B. (2022). Assessing the academic performance of working students during pandemic. Oct-Nov 2022, (26), 7-10. https://doi.org/10.55529/jmc26.7.10*
63. *Murray, S. A., Davis, J., Shuler, H. D., Spencer, E. C., & Hinton Jr., A. (2022). Time management for STEMM students during the continuing pandemic. PubMed Central (PMC). https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC9392870/.*
64. *Nguyen, K., & Choi, S. (2022). Time management in higher education: A study of working students. Higher Education Studies.*
65. *Nguyen, L., Chen, R., & Rivera, T. (2023). Long-term effects of chronic stress in student workers. Journal of Health and Education.*
66. *Nguyen, T., & Torres, R. (2023). Mental health challenges among working students: The role of time management. Journal of Health and Education, 7(2), 144-159.*
67. *Onyekwelu, M., Monyei, N., & Muogbo, C. (2022). Workplace flexibility as a key to balancing studies and work: A case study of working students in the Philippines. Journal of Vocational Education, 19(1), 30-43.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

68. *Papazisis, G., et al. (2022). Time management, coping strategies, and academic performance among working students. Educational Research Review, 16(3), 210-223.*
69. *Park, S., et al. (2021). Motivation and academic persistence in working students. Journal of Educational Research, 28(3), 161-174.*
70. *Patel, R., & Greene, J. (2023). Institutional support for working students: A pathway to academic success. Journal of Academic Support Services*
71. *Perera, H. N., et al. (2020). Time management, stress, and academic performance among working students: The role of organizational skills in sustaining motivation. Educational Research Review, 15(3), 130-145.*
72. *Perera, H. N., et al. (2021). Personal responsibility and perseverance in working students: The impact of self-regulation. Educational Psychology, 41(4), 456-469*
73. *Razali, S. N. A. M., Rusiman, M. S., Gan, W. S., & Arbin, N. (2018). The Impact of Time Management on Students' Academic Achievement. Journal of Physics: 012042. 6596/995/1/012042 https://doi.org/10.1088/1742*
74. *Razali, S. N. A. M., Rusiman, M. S., Gan, W. S., & Arbin, N. (2018). The Impact of Time Management on Students' Academic Achievement. Journal of Physics: https://doi.org/10.1088/1742-6596/995/1/012042.*
75. *Rivera, A., Gomez, J., & Clark, P. (2023). Prioritization and academic success in students managing work and study. Journal of Academic Management, 29(4), 310-328.*
76. *Rodriguez, F., & Allen, J. (2023). The role of employer flexibility in supporting working students' academic achievements. Journal of Employment Studies.*
77. *Rodriguez, M., & Green, F. (2023). Institutional support as a buffer for stress among working students. Journal of Academic Support.*
78. *Salazar, M. L., & Dela Cruz, R. P. (2020). Perseverance in working students: Exploring the role of motivation, resilience, and self-regulation. Journal of Educational Development, 42(2), 105-118.*
79. *Salazar, M., et al. (2020). Growth mindset and perseverance in working students. Learning and Education Journal, 30(2), 245-260.*
80. *Sanchez, M., & Ma, J. (2020). Resilience and academic success in working students. Educational Psychology Review, 44(4), 465-480.*
81. *Scherer, S., Talley, C. P., & Fife, J. E. (2017). How Personal Factors Influence Academic Behavior and GPA in African American STEM Students. SAGE Open, 7, 21582440 17704686. Sharp (2020).*
82. *Smith, L., & Lee, C. (2023). Health implications of workload on working students. Health and Academic Journal.*
83. *Stoain, Farcasiu, and Dragomir, (2022). https://www.researchgate.net/publication/373419757_A_Qualitative_Investigation_of_Time_Management_Interventions_for_Working_Students_in_the_Philippines_to_Balance_Academics_and_Work.*
84. *Subramani. C. and Kadhiravan, S. (2018). Academic Stress and Mental Health among High School Students, Indian Journal of Applied Research, 7(5).*
85. *Suryani, S., et al. (2019). The influence of extrinsic motivation on academic performance among working students. International Journal of Educational Management, 33(1), 74-88.*
86. *Tahiliani, A., Verma, A. K., Agrawal, S., & Pandey, K. (2022). A solution to evade social media distraction. ACM Other conferences. https://dl.acm.org/doi/abs/10.1145/3549206.3549298.*
87. *Tan, H., & Nguyen, S. (2019). Emotional strength and the academic success of working students. Psychology of Education, 31(2), 102-116.*
88. *Tan, P., & Alvarez, K. (2022). Burnout in working students: Academic and professional repercussions. Journal of Applied Psychology*
89. *Tetzner, J., & Becker, M. (2018). The role of optimism in goal setting and academic motivation. Learning and Individual Differences, 65, 14-21.*
90. *Tran, N., & Nguyen, M. (2020). Adaptability as a key factor in student perseverance: The case of working students. Journal of Applied Educational Psychology, 15(3), 182-197.*
91. *Trentepohl, S., (2022). How did it get so late so soon? The effects of time management knowledge and practice on students' time management skills and academic performance. Sustainability, 14(9), 5097. https://doi.org/ 10.3390/su14095097.*
92. *Tucker, S., et al. (2020). The importance of optimism and social support in academic and career success. Journal of Career Development, 47(2), 150-165.*
93. *Turner, S. (2023). Workplace rigidity and academic stress among employed college students. Work and Learning Quarterly.*
94. *Walker, A., & Cheng, M. (2023). Emotional and cognitive effects of stress in dual-role students. Journal of Student Psychology.*
95. *Wang, J., & Zhang, X. (2024). The Impact of Hard Work, Self-Efficacy, and Learning Strategies on Academic Achievement in Higher Education. Educational Psychology Review (in press).*
96. *Wang, Y., et al. (2021). The impact of social support on motivation and academic performance in working students. Journal of Applied Educational Psychology, 19(2), 211-228.*
97. *Widener K. N. (2017) Financial Mageert Intas of College Aged Stuckets Intences and Consequences (Thesis) Selected Homor Theses. http://frescholarsseeducg/viewcontent.catide-10634 contest-homors.*
98. *William,(2022).https://www.researchgate.net/publication/373419757_A_Qualitative_Investigation_of_Time_Management_Interventions_for_Working_Students_in_the_Philippines_to_Balance_Academics_and_WorK.*
99. *Wilson, L., & Garcia, R. (2023). Socioeconomic factors affecting time management and academic success of working students. International Journal of Educational Research, 53(1), 78-102.*
100. *Wu, P., et al. (2022). Time management and stress among working students: The role of academic achievement. Journal of Higher Education Research, 61(4), 453-467.*
101. *Xu, X., & Lee, S. (2019). Self-discipline and perseverance in the academic success of working students. Journal of Educational Research, 27(1), 56-69.*
102. *Zer, E. (2011). Procrastination and academic achievement among working students. Educational Psychology, 42(6), 789-801.*
103. *Zhang, Y., et al. (2022). Self-efficacy as a predictor of motivation and academic success among working students. Journal of Student Success, 12(1), 102-115.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

104. *Zhang, Z., & Li, Y. (2020). The importance of purpose for working students. Journal of Educational and Career Development, 38(3), 178-191.*